


KODA NG PAG-AASAL



Pagsasapamuhay Ng Ating Mga Pinahahalagahan

MAPAG-ALAGA • PANDAIGDIGANG PAGTUTULUNGAN • TULOY-TULOY NA PAGPAPABUTI



*Pinananatili ang Pinakamatataas
na Pamantayang Etikal*

ISANG MENSAHE MULA SA ATING CHAIRMAN, PRESIDENTE AT CEO

Higit kailanman, ngayon ay pinakamahalaga ang etikal na pamumuno. Bilang karagdagan sa ating mga pinahahalagahang Mapag-alaga, Pandaigdigang Pagtutulungan at Tuloy-tuloy na Pagpapabuti, ang reputasyon ng ating Kumpanya na integridad at mataas na mga etikal na pamantayan ay naging pagkukunan ng lakas at kompetitibong kapakinabangan. Ang ating reputasyon ay napakahalaga sa mga taga-Colgate, sa ating mga mamimili at sa mga kostumer, sa ating mga tagapamuhunan at sa mga kasosyo natin sa negosyo.

Mula pa nang ilunsad ito noong halos 30 taon na ang nakalipas, ginabayan na tayo ng ating Koda ng Pag-aasal sa isang grupo ng mga prinsipyo na sumasalamin sa mga pinahahalagahan ng Colgate, at nagtatag ng mga pamantayan na gumagabay sa ating pag-uugaling etikal. Regular na nirerepaso, binabago, at muling ipinamamahagi ang Koda upang matiyak ang patuloy na kabuluhan nito. Bilang isang tunay na pandaigdigang kumpanya na may operasyon sa maraming bansa sa buong daigdig, dapat siguraduhin nating lahat na ang ating pag-uugali at mga desisyon ay nakakasunod sa ating mga pamantayan at pinahahalagahan, alinsunod sa pinaiiiral sa ating Koda.

Ang bawat isa sa atin ay gumagawa ng mga desisyon araw-araw na maaaring may personal, pinansiyal, pang-komunidad o mga etikal na implikasyon. Bilang miyembro ng pamilya ng Colgate, mahalaga na inyong basahin, unawain at ganap na sundin ang ating Koda para makasiguro na ang ating mga desisyon ay ginagabayan ng ating personal na responsibilidad na kumilos nang may integridad at ng pinakamataas na mga etikal na pamantayan.

Ang mga taga-Colgate ay inaasahang laging magpamalas ng etikal na pag-uugali sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos at mga salita. Kabilang dito ang kakayahan na magsalita ("Speaking Up") para hamunin ang pag-uugali na sumasalungat sa ating Koda, at pati na rin ang mga ibang patakaran ng Colgate o mga angkop na batas.

Ipinagmamalaki ng mga tauhan sa Colgate ang mga resulta ng ating negosyo. Mahalaga ang mga resulta, gayon din ang paraan kung paano natin nakakamit ang mga resultang iyon. Iniuuna ko ang aking pasasalamat sa inyong nagtutuloy-tuloy na paninindigan sa ating mga pinagbabaha-bahaginang pinahahalagahan at sa inyong masiglang pamumuno, na napakahalaga sa pagpapatuloy ng tagumpay ng ating negosyo.



Ian Cook
Chairman, Presidente at CEO

PAGSASAPAMUHAY NG ATING MGA PINAHAHALAGAHAN

Sa pagsasapamuhay ng mga pinahahalagahan natin sa Colgate na Mapag-alaga, Pandaigdigang Teamwork at Tuloy-tuloy na Pag-unlad, lumilikha tayo ng isang kultura kung saan ang mga tao ay kumikilos bilang isang pangkat, nagkakaisa at magkakasamang nagtutulungan patungo sa iisang layunin. Ang tatlong pangunahing pinahahalagahan ng Colgate ay bahagi ng lahat ng bagay na ginagawa natin.

MAPAG-ALAGA

Ang Kumpanya ay mapag-alaga sa mga tao: sa mga taga-Colgate, mga kostumer, mga may-ari ng sosyo, mamimili, mga tagapagtustos o supplier at mga katuwang sa negosyo. Naninindigan ang Colgate na kikilos nang may pag-aalala, integridad, katapatan at pinakamataas na etikal na pamantayan sa lahat ng mga sitwasyon, na makikinig nang may paggalang sa iba at may pagpapahalaga sa mga pagkakaiba-iba. Naninindigan rin ang Kumpanya sa pagbibigay ng proteksiyon sa pandaigdigang kapaligiran, upang mapalago ang mga komunidad kung saan ang mga taga-Colgate ay naninirahan at nagtatrabaho, at sa pagiging masunurin sa lahat ng mga batas at regulasyon ng pamahalaan.

PANDAIGDIGANG PAGTUTULUNGAN

Lahat ng mga taga-Colgate ay bahagi ng isang pandaigdigang pangkat, na naninindigan sa sama-samang pagtatrabaho sa maraming bansa at sa buong daigdig. Tanging sa pagbabahagi lamang ng mga ideya, teknolohiya at talino makakamit ng Kumpanya at masusustena ang paglagong may magandang kita.

TULOY-TULOY NA PAGPAPABUTI

Araw-araw na naninindigan ang Colgate na patuloy ang pagpapabuti sa lahat ng ginagawa nito, bilang mga indibidwal at bilang mga pangkat. Sa pamamagitan ng mas malinaw na pag-unawa sa mga inaasahan ng mga mamimili at mga kostumer, at sa tuloy-tuloy na pagkilos upang lalo pang mapaganda at mapahusay ang mga produkto, serbisyo, at proseso, ang Colgate ay magiging pinakamagaling. Sa merkado ngayon kung saan ang kumpetisyon ay lalo pang tumitindi, ang mga pinahahalagahan ng Colgate ang pundasyon ng tagumpay ng mga indibidwal, pangkat at kumpanya. Tanging sa paggalang lamang sa iba at sa pagsasapamuhay ng mga pinahahalagahan ng Colgate tayo maaaring umasa na maaabot ang mga pinakamagandang resulta sa negosyo.

PAMAMAHALA NANG MAY PAGGALANG

“Ang Pamamahala Nang May Paggalang” ang paraan kung paanong ang mga taga-Colgate ay nagsasa-aksyon ng mga Pinahahalagahan ng Kumpanya.

Sa pamamagitan ng Pamamahala Nang May Paggalang, lumilikha tayo ng isang kapaligiran kung saan ang mga tao ay nakakadama ng kalayaan na makapagbigay ng mga mungkahi, makapagpahayag ng mga ideya at makapagkaloob ng kontribusyon sa organisasyon.

Ang Pamamahala Nang May Paggalang ay lumilikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga tao ay tunay na nangangalaga sa bawat isa, at maayos na nagtatrabaho nang sama-sama upang maabot ang kanilang pinakaganap na potensiyal.

Ang mga prinsipyo ng Pamamahala nang May Paggalang ay:

MAGKOMUNIKA

Ipahayag ang mga ideya nang malinaw at sa simpleng paraan; makinig sa iba; lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga tao ay maginhawang nakapagpahayag ng kanilang mga saloobin; isulong ang napapanahon at tuloy-tuloy na pagdaloy ng impormasyon papunta at mula sa iba.

MAGBIGAY AT MANGALAP NG KOMENTO

Gawing mas magagaling at mas mahuhusay ang lahat ng mga taga-Colgate sa pamamagitan ng pagbibigay at pangangalap ng mga tukoy na mungkahing nakabubuti; pagbibigay ng direksiyon at pagtulong sa mga tao na manatiling nasa tamang daan; paghihikayat ng positibong pagbabago at maging inspirasyon para sa isang katangi-tanging trabaho.

PAHALAGAHAN ANG MGA NATATANGING KONTRIBUSYON

Pahalagahan at kilalanin ang mga kontribusyon at magagandang trabaho ng iba; igalang ang pagka-indibidwal; isali ang iba kapag nagdedesisyon at itatag ang mga priyoridad. Ang pagpapahalaga sa mga tao sa kanilang indibidwal na pagkakaiba-iba ay susi sa pagtatatag at pagsusustena ng tagumpay sa negosyo sa ngayon at sa hinaharap.

ISULONG ANG TEAMWORK

Lumikha ng paninindigan sa mga magkakatulad na layunin; resolbahin ang mga alitan sa isang positibong pamamaraan.

MAGPAKITA NG HALIMBAWA

Magpakita ng isang positibong halimbawa sa pagsasagawa ng negosyo sa isang etikal na pamamaraan, sa pangangasiwa ng pagod o stress, at sa paglikha ng isang kaaya-aya at balansiyadong kapaligiran sa trabaho.

COLGATE-PALMOLIVE KODA NG PAG-AASAL

MGA NILALAMAN

Tungkol sa Koda ng Pag-Aasal

Ang Pakikipag-ugnayan natin sa Isa't Isa	9
• Nagsusumikap tayo upang magkaroon ng matatagumpay na pakikipag-ugnayan • Isinusulong natin ang bukas at tapat na komunikasyon • Pinahahalagahan natin ang mga taga-Colgate bilang pinakamahalagang yaman natin	
Ang Pakikipag-ugnayan natin sa Kumpanya	12
• Iniiwasan natin ang mga salungat sa interes • Pinoprotektahan natin ang lihim sa kalakal ng Kumpanya at ang kumpidensiyal na impormasyon • Sinusundan natin ang mga patakaran ukol sa kahilingan ng press at media • Nagmementina tayo ng mga tumpak na libro at talaan • Pinoprotektahan natin ang mga ari-arian ng Colgate • Responsable tayong gumagamit ng mga kakayahang may kaugnayan sa impormasyon sa teknolohiya	
Ang Pakikipag-ugnayan natin sa ating Lupon ng mga Direktor	19
• Mayroon tayong Lupon ng mga Direktor na independiyente, may karanasan at magkakaiba • Isinusulong natin ang isang direkta at bukas na komunikasyon sa lupon • Naninindigan tayo sa pinakamahusay na pangangasiwa sa korporasyon	
Ang Pakikipag-ugnayan natin sa mga Tagalabas na Entidad ng Negosyo	20
• Etikal tayong nakikipag-ugnayan sa mga supplier, kostumer at mga ikatlong partido • Hindi tayo nagbibigay o tumatanggap ng mga hindi naaangkop na regalo • Iginagalang natin ang mga lihim sa kalakal at mga kumpidensiyal na impormasyon ng iba	
Ang Pakikipag-ugnayan natin sa mga Mamimili	22
• Nagtatalaga tayo ng pinakamatataas na pamantayan sa ating mga produkto • Tumutugon tayo sa mga mamimili • Ang ating patalastas ay tapat at tumpak	

Ang Pakikipag-ugnayan natin sa Pamahalaan at sa Batas	24
• Sumusunod tayo sa lahat ng angkop na batas • Sumusunod tayo sa mga batas sa kumpetisyon • Sumusunod tayo sa mga batas sa securities • Sumusunod tayo sa mga batas laban sa panunuhol • Sumusunod tayo sa mga regulasyong pangkalakalang internasyonal • Sumusunod tayo sa mga batas sa pagkapribado ng data at proteksiyon ng data • Sumusunod tayo sa mga batas sa pagpapanatili ng talaan • Hindi tayo nagbibigay ng kontribusyong pampolitika	
Ang Pakikipag-ugnayan natin sa Lipunan	31
• Sumasali tayo sa lokal na pagbibigay at pagboboluntaryo • Nakikipagtulungan tayo sa mga pamahalaan sa mga paksang nakaka-apekto sa ating negosyo • Tutol tayo sa mga gawi sa pagpapatrabaho na mapagsamantala at hindi makatao • Ipinapakita natin ang paninindigan natin sa pandaigdigang karapatang-pantao	
Ang Pakikipag-ugnayan natin sa Kapaligiran	33
• Tayo ay naninindigan sa pagpapanatili ng pagka-nasusustena ng at responsibilidad sa lipunan • Binabantayan natin at pinoprotektahan ang kapaligiran	
Ang Pakikipag-ugnayan natin sa Mga May-ari ng Sosyo	34
• Ipinatutupad natin ang mabuting pangangasiwa ng korporasyon para maprotektahan ang kahalagahan ng may-ari ng sosyo • Tayo ay nagpapanatili ng mga matatatag na programa sa pag-aawdit para madagdagan ang tiwala ng imbestor • Palagi nating ipinaalam sa mga may-ari ng sosyo ang tungkol sa progreso ng Kumpanya	
Ang Ating Pananagutan para sa Pagtupad	35
• Ang komunikasyon at pagsisiwalat ay mahalaga • May mga panloob tayong dulugan para tulungan kayo kung kailangan ninyo ng gabay • Nagsasalita (“Speak Up”) tayo para iulat ang mga isinasaalang-alang sa mga angkop na dulugan • Maaaring magsagawa ng mga aksyong pang-disiplina • Angkop ang Koda sa lahat ng mga taga-Colgate at sa mga gawain ng Kumpanya	

TUNGKOL SA KODA NG PAG-AASAL

Ang ating Koda ng Pag-aasal ng Colgate ay nagsisilbing mahalagang dulugan upang matiyak na ang ating mga pang-araw-araw na interaksyon ay isinasagawa nang may integridad. Malinaw na ipinararating ng Koda sa bawat isa sa atin na ang paraan kung paano natin nakakamit ang mga resulta ng ating negosyo ay makabuluhan. Ang Koda ay angkop sa lahat ng mga taga-Colgate, kasama ang mga direktor, opisyal at lahat ng mga empleyado ng Kumpanya at ang mga subsidyariya nito. Ang mga vendor (nagbebenta) at mga supplier (tagapagtustos) ay nakapailalim din sa mga iniatas na ito, sapagkat ang pagsunod sa Koda ng Pag-aasal ng Ikatlong Partido ng Colgate ay isang kondisyon sa pagsasagawa ng negosyo sa Colgate.

Ang bawat empleyado ay may responsibilidad sa pagpapakita ng integridad at pamumuno sa pamamagitan ng pagsunod sa Koda [Global Business Practices Guidelines](#), mga patakaran ng Kumpanya at lahat ng mga naaangkop na batas. Sa pamamagitan nang ganap na pagsasama ng etika at integridad sa ating mga nagtutuloy-tuloy na pakikipag-ugnayan sa negosyo at pagdedesisyon, nagpapakita tayo ng isang paninindigan sa isang kultura na nagsusulong ng pinakamatataas na pamantayang etikal.

Kung may mga tanong kayo o alalahanin tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa o sa pagtupad sa Koda o anumang may kaugnayan sa Colgate na patakaran o pamamaraan, kailangang talakayin ninyo ang sitwasyon sa inyong manager, sa Human Resources, sa Global Legal Organization o sa Global Ethics and Compliance.

Patakaran at gawi ng Colgate na panatilihin ang pinakamatataas na pamantayang etikal at makalikha ng isang lugar sa trabaho na malaya sa mga hindi naaangkop o labag sa batas na pag-uugali, kung saan ang mga tao ay hinihikayat na magbahagi ng kanilang mga alalahanin sa Kumpanya nang walang takot na gagantihan o babalikan. Kasunod nito, walang taliwas na aksyon na gagawin laban sa sino mang empleyado, dating empleyado, ahente o taga-ikatlóng panig, dahil sa pagrereklamo tungkol sa, pag-uulat ng, pagsali o pagtulong sa imbestigasyon ng isang pinaghihinalaang paglabag sa Koda ng Pag-Aasal ng Kumpanya, sa patakaran ng Kumpanya o sa mga naaangkop na batas, maliban na lamang kung ang alegasyon o ang ibinigay na impormasyon ay napag-alamang sinadyang dayain. Sa pinakamalayong posibleng maaabot, pananatilihin ng Colgate ang pagka-kumpidensiyal ng lahat ng mga reklamo. Lahat ng alegasyon ng pagganti ay iimbestigahan, at kung naaangkop, magpapataw ng isang aksyong pang-disiplina, na aabot sa, at kasama na ang, pagkatanggal sa trabaho.

Makikita ang Koda online at naisalin na ito sa apatnapung mga wika. Ang lahat ng taga-Colgate ay inaatasang magbasa ng Koda, at unawain at sundin ito. Upang bigyang-diin ang pangako natin, ang mga taga-Colgate ay nakakatanggap ng pagsasanay sa Koda at sinesertipikahan sa taunang batayan.

Ang pagsunod sa Koda ay mas madaling matitiyak sa pamamagitan ng paggamit ng mahusay na paghuhusga at pangangalap ng gabay kung nagkakaroon ng mga tanong. Kung hindi kayo nakakatiyak sa isang tukoy na aksyon, itanong muna ninyo sa inyong sarili ang mga sumusunod:

MGA TANONG SA ETIKAL NA PAGPAPASYA

TANONG:

Awtorisado ba ako na gawin ito?

TANONG:

Nagpapakita ba ako ng halimbawa?

TANONG:

Ang aksyon ba ang bagay na dapat gawin?

TANONG:

Legal ba ang pagkilos at alinsunod sa ating mga pinahahalagahan, sa Koda, sa ating Mga Gabay sa Kasanayan sa Negosyo at ibang mga polisiya?

TANONG:

Ipagmamalaki ko ba na iulat ang aksyong ito sa isang tao na iginagalang ko?

TANONG:

Ang aksyon bang ito ay lalo pang magpapalawig sa reputasyon ng Colgate bilang isang Kumpanyang etikal?

TANONG:

Naiipakita ko ba ang mga pinakamatataas na pamantayang etikal?

SAGOT:

Oo, Magpatuloy.

Hindi, Mangyaring kumonsulta sa Global Legal Organization o Global Ethics & Compliance.

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA ISA'T ISA



Ang mga interaksyon natin sa bawat isa ay dapat na ibatay sa isang magkatugon na tiwala at respeto.

NAGSUSUMIKAP TAYO UPANG MAGKAROON NG MATATAGUMPAY NA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Sa Colgate, ipinagmamalaki natin ang malakas na personal na paninindigan ng ating mga tao at ang napakagagandang nakamit na resulta ng naturang paninindigan. Subalit ang antas na ito ng paninindigan ay makakamit lamang sa isang kapaligirang may umiiral na tiwala, bukas, at matapat na pakikipagtalastasan. Lahat ng pakikitungo ninyo sa inyong mga kasamahan, sa mga direktang ulat ninyo at sa inyong mga superbisor ay dapat gawin bilang isang pakikipagtulungan, kung saan ang pag-uugali ng bawat indibidwal ay pinamamahalaan ng isang nag-uumapaw na paninindigan sa pinakamatataas na pamantayan ng etika.

Ang pakikipag-ugnayan ninyo doon sa mga katrabaho ninyo ay dapat bilang miyembro ng isang koponang panalo. Ang mga tao na nagkakasundo sa trabaho at nakatuon sa mga magkatugong layunin ang mabilis na nagtutulak sa atin sa ating pagnenegosyo. Para sa masiglang ugnayang ito sa pagtatrabaho ng mga pangkat, bawat indibidwal ay kailangang makatupad sa kanyang mga responsibilidad at maniwalang katiyakang gayon din ang gagawin ng iba. Nangangahulugan ito ng pagbibigay ng kinakailangang suporta sa iba, sa bawat antas, upang matapos ang trabaho. Walang indibidwal o yunit ang mag-uuna ng sarili nitong prioridad bago pa man ang sa kumpanya.

Ang pakikipag-ugnayan ninyo doon sa mga katrabaho ninyo ay dapat na magsulong ng etika sa pamamagitan ng pagtatakda ng halimbawa ng pagkadisente, pagiging patas at integridad. Bilang mga pinuno, responsibilidad nating lahat na panatilihin ang mataas na mga pamantayan ng pagganap sa trabaho at paglikha ng isang kapaligirang nagsusulong ng pagtutulungan, respeto at pag-uugaling etikal.

ISINUSULONG NATIN ANG BUKAS AT TAPAT NA KOMUNIKASYON

Hinihikayat natin ang mga malikhain at makabagong pag-iisip, at kung kayo ay superbisor, tratuhin ninyo bilang indibidwal ang mga kawaning nasa ilalim ninyo, bigyan sila ng kalayaang kailangan nila upang magawa nila ang kanilang mga trabaho. Magbigay ng mga mungkahi para mapahusay ang pagganap sa trabaho.

Ang pakikipag-ugnayan ninyo sa inyong superbisor ay dapat na may magkatugong paggalang at pagtitiwala. Kayo at ang inyong superbisor ay isang pangkat (team) na may pinagbabahaginang layunin na makamit ang mga layuning itinakda ng Kumpanya para sa inyong yunit.

Magkasing-responsibilidad lamang kayo ng inyong superbisor sa pagtitiyak na ang komunikasyon sa pagitan ninyo ay bukas at tapat. Magkaroon ng inisyatibo hangga't maaari. Maging makabago sa paglutas ng mga problema. Ang inyong kooperasyon at pagka-malikhain ay mahalaga sa pagkamit ng mga layunin ng inyong yunit at ng Kumpanya.

PINAAHALAGAHAN NATIN ANG MGA TAGA-COLGATE BILANG PINAKAMAHALAGANG YAMAN NATIN

Ang paninindigan ng Colgate sa pag-aalaga sa kanyang mga tauhan ay makikita sa pamamagitan ng maraming iba't ibang programa na dinisenyo upang maisulong at magantimpalaan ang mga nakakamit ng isang indibidwal o ng isang pangkat. Hinihikayat kayo na sumulong pa nang sumulong hangga't may nakakaya kayong abutin at magbigay ng isang makabuluhang kontribusyon sa tagumpay ng Kumpanya. Sa dulo nito, ang mga pagsusumikap ng ating mga matatalino at sanay na tauhan ng Colgate sa buong mundo ang dahilan kung bakit naging posible ang tagumpay sa ating Kumpanya.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa [Patakarang Patas na Pag-empleyo sa Kumpanya](#) sa [ourcolgate.com](#).

- Pinananatili natin ang isang kapaligirang nakapaloob ang trabaho at nakakamit natin ang pinakamahasag sa pamamagitan ng pag-akit at pagpapanatili ng mga taong may iba't ibang kasanayan sa ating lakas-manggagawa.

- Ipinagbabawal natin ang sekswal o anumang uri ng panliligalig sa mga taga-Colgate ng sino mang tao sa lugar ng trabaho o habang nagsasagawa ng negosyo ng Kumpanya.
- Pinagsusumikapan natin na maiwasan ang magkaroon ng paborito o inyong may pinapaboran o magmukhang parang may paborito o may pinapaboran sa lugar ng trabaho, alinsunod sa mga patakaran at pamamaraang ipinatutupad ng Kumpanya.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa [Patakaran Laban sa Panliligalig](http://ourcolgate.com) sa ourcolgate.com.

Nagbibigay ang Colgate ng mga oportunidad sa pag-empleyo sa lahat ng mga kwalipikadong tao sa patas na batayan. Hindi magdidiskrimina ang Kumpanya laban sa sinumang empleyado o aplikante sa pag-empleyo dahil sa:

Kabilang na rito, pero hindi limitado sa, ang pagkuha (recruitment), pagpapasok sa trabaho (hiring), pag-aangat ng posisyon (promotion), paglilipat (transfer), sahod, pagsasanay, pagbababa ng posisyon (demotion) o pagtatanggal sa trabaho (layoff).

- | | |
|--|--|
| • Lahi o Etnisidad | • Sekswal na Oryentasyon |
| • Kulay | • Kapansanan |
| • Relihiyon | • Katayuan sa Pag-aasawa |
| • Kasarian o Pinagkakakilanlang Kasarian | • Katayuan bilang Beterano |
| • Bansang Pinagmulan | • Ano pa mang ibang katangian na protektado ng batas |
| • Edad | |

TANONG:

Naniniwala ako na tinatrato ng aking superbisor ang ilan sa mga miyembro ng aming pangkat sa paraang walang paggalang na hindi alinsunod sa ating mga prinsipyo ng Pamamahala nang may Paggalang, pero hindi ako sigurado. Maaari ba akong kumonsulta sa kaninoman tungkol dito sa pamamagitan ng EthicsLine?

SAGOT:

Oo, pwede. Pero tandaan, kapag nag-aalala kayo tungkol sa anumang usapin sa lugar ng trabaho, maaari rin kayong kumonsulta sa inyong lokal na kinatawan ng Human Resources o pinagkakatiwalaang kinatawan ng inyong pangkat ng tagapamuno. Kung inyong nanaisin, nariyan din ang Global Ethics & Compliance para mahingan ninyo ng paggabay o paglilinaw.

TANONG:

Ang isang miyembro ng aking departamento ay paulit-ulit na gumawa ng pagbanggit sa sekswal na oryentasyon ng isang kasamahan kabilang ang paggamit ng mga mapanglailait na pangalan. Nung kinausap ko siya tungkol dito, sinabi niya na nagbibiro lamang siya at nagpatuloy ang asal. Tama ba ang ginawa ko?

SAGOT:

Oo. Tama ang ginawa ninyo sa pamamagitan ng Speaking Up. Subalit, sa kabila ng pinakamahasag mong pagsusumikap, nagpatuloy ang mapanglailait na asal. Kausapin ang inyong superbisor, Human Resources, ang Global Legal Organization o Global Ethics & Compliance tungkol sa anumang asal na lumalabag sa ating Koda, mga polisiya o ating mga prinsipyo sa Pamumuno nang May Paggalang.

- Hindi tayo nagpapatrabaho sa bata. Ang pagpapatrabaho sa bata ay nangangahulugan ng pag-eempleyo ng sino mang tao na ang edad ay mababa pa sa pinakamababang edad na pinapayagan ng batas sa sakop na hurisdiksyon. Gayunpaman, kahit kailan ay hindi natin sasadyang magbigay ng trabaho sa sino mang batid natin ay mas mababa pa sa labing-anim (16) na taong-gulang.
- Pinagsusumikapan natin na ubusin ang mga posibleng panganib sa lugar ng trabaho at sumusunod tayo sa lahat ng mga naaangkop na batas at pamantayan sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho.
- Tumutulong tayo na mapanatili ang isang kapaligiran sa trabaho na ligtas, malusog at produktibo, para sa lahat ng taga-Colgate at sa iba pa sa pamamagitan ng:
 - pagbabawal sa pagdadala, paggamit, pagbebenta o paglilipat ng mga drogang labag sa batas o parapernalya ng droga sa ari-arian o panahon ng Kumpanya;
 - pagbabawal sa pagsasagawa ng negosyo ng Kumpanya habang nasa ilalim ng impluwensiya ng alak;
 - pagbabawal sa pagdadala o paggamit ng mga armas/sandata o bala sa lugar na nasasakupan ng Kumpanya o habang nagsasagawa ng negosyo ng Colgate, sa ilalim ng lokal na batas. Ang pagdadala ng isang sandata ay maaaring i-awtorisa para sa mga tauhang pang-seguridad kung ang naturang pagdadala ay nadetermina na kailangan upang matiyak ang kaligtasan at seguridad ng mga taga-Colgate;
 - pagbabawal sa anumang pagkilos na maaaring isiping marahas, mapagbanta, mapanglailait o mapanakot; at
 - inaatas na anumang pang-aabuso sa droga o alkohol sa lugar ng trabaho, karahasan o pagkakaroon ng labag sa batas na armas sa lugar o oras ng Kumpanya ay iulat agad sa Human Resources, Global Security, sa Global Legal Organization, Global Ethics & Compliance o tagapamahala.

TANONG:

Ang isa kong katrabaho ay nakatatandang tao kaya sinusubukan kong padaliin ang mga bagay para sa kanya sa pamamagitan ng aktibong pagtulong sa kanya sa mga gawain na sa palagay ko ay maaaring mahirap para sa taong nasa edad niya. Pinagtatangkaan ko lamang na tumulong ngunit kamakailan ay narinig ko mula sa aming superbisor na naiinis siya sa akin. Mali ba ang asal na ito?

SAGOT:

Oo. Hindi ninyo dapat ipalagay na dahil sa edad niya ay walang mga parehong kahusayan at kakayahan ang kasamahan ninyo tulad ng mayroon ka. Ang ibang pagtrato sa tao dahil sa edad nila ay hindi kailanman katanggap-tanggap sa lugar ng trabaho. Magsalita at ipaliwanag sa kanya na ang kagustuhan mong tulungan siya ay nasa diwa ng pag-aaruga at wala kayong masamang layunin.

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA KUMpanya



Bilang taga-Colgate, kinikilala natin ang tiwala at kompiyansang ipinagkaloob sa atin at kumikilos tayo nang may integridad at katapatan sa lahat ng mga sitwasyon.

INIWASAN NATIN ANG MGA SALUNGAT SA INTERES

Ang paghuhusga ay isa sa inyong pinakamahalagang katangian. Dapat ninyong iwasan ang anumang aktibidad, interes o ugnayan na salungat sa mga lehitimong interes sa negosyo ng Kumpanya o tilan kumokompromiso sa hindi ninyo pagkiling o paggamit ng independiyenteng pagpapasya sa pagsasagawa ng negosyo para sa o sa Kumpanya. Ang mga alitan ay maaaring mangyari sa maraming sitwasyon. Imposibleng masakop ang lahat ng mga iyon dito, at hindi palaging madali na kilalanin kung alin ang gawaing angkop at hindi naaangkop. Kapag nagdududa, konsultahin muna ang Human Resources, ang Global Legal Organization, Global Ethics & Compliance o ang inyong tagapamahala bago gumawa ng anumang pagkilos.

Ang mga sumusunod na panuntunan ay angkop sa mga pinaka-karaniwang sitwasyon na may alitan:

MGA PAMUMUHUNAN

Huwag mamumuhunan na maaaring maka-apekto sa mga desisyon ninyo sa negosyo. Ipinagbabawal ng Kumpanya na ang mga taga-Colgate ay magmay-ari ng stock o magkaroon ng interes sa sariling pag-aari sa isang Kumpanya na kalaban o kasama sa negosyo ng Colgate. Ang ipinagbabawal na ito ay hindi magagamit sa pagmamay-ari ng stock na maliit lamang ang halaga (sa pangkalahatan ay mababa pa sa 1%) ng stock na ikinakalakal sa publiko, basta't ang puhunan o investment ay talaga namang kulang na kulang sa pinansyal na nagmumukha tuloy na may salungat na interes. Kung kayo ay nakagawa na ng potensyal na ipinagbabawal na pamumuhunan bago sumali sa Colgate, mangyaring makipag-ugnayan sa Global Legal Organization.

PAMILYA

Ipaalam sa inyong manager at pa-aprubahan muna sa inyong Pinuno ng Dibisyon o Tungkulin (Division or Function head) at sa Global Legal Organization bago makipagkalakalan sa Colgate kasama ang kahit anong kumpanya kung saan kayo o ang isang miyembro ng inyong pamilya ay mayroong interes.

IBA PANG TRABAHO

Huwag magtrabaho para sa kalaban sa kompetisyon ng Colgate habang nagtatrabaho sa Colgate o gumawa ng kahit anong trabaho para sa, o magbigay ng tulong sa, kahit anong ikatlong partido (tagapamahagi, kostumer, tagapagtustos) na maaaring magkaroon ng masamang epekto sa pagganap o paghusga sa trabaho. Huwag gamitin ang oras, pasilidad, mga kagamitan, mga tatak o logo ng Kumpanya para sa trabaho sa labas na walang kinalaman sa inyong trabaho sa Colgate nang walang awtorisasyon mula sa inyong Pinuno ng Dibisyon o Tungkulin.

PERSONAL

Binibigyan natin ng pansin at iginagalang ang mga karapatan ng mga taga-Colgate nang may kalayaan na makisama sa mga nakakasalamuha nila sa lugar ng trabaho, ngunit kailangan ding gumamit ng mahusay na paghuhusga upang matiyak na ang mga pakikipag-ugnayan na iyon ay walang negatibong epekto sa pagganap sa trabaho, sa abilidad para pangasiwaan ang iba o sa kapaligiran sa trabaho.

Anumang asal sa lugar ng trabaho na dulot ng isang romantikong pakikipag-ugnayan o pagkakaibigan sa pagitan ng mga empleyado ay maaaring hindi angkop kung ang naturang asal ay lilikha ng isang nakaka-alangang kapaligiran ng trabaho para sa iba o sa pananaw ng maayos na pagtrato. Ang pagkakaroon ng paborito o pinapaboran o ang pagdedesisyon batay sa romantikong relasyon o batay sa pagiging kaibigan sa halip na batay sa pinakamagandang interes ng Kumpanya ay ipinagbabawal. Ang mga indibidwal na nasa isang romantikong

pakikipag-ugnayan o pakikipag-kaibigan ay kailangang gumamit ng taktika, mahusay na paghuhusga at kailangang maging sensitibo.

Hindi dapat pamahalaan ng Superbisor ang taong romantiko niyang kaugnay. Sa sitwasyong iyon, dapat iulat ng dalawang empleyado ang sitwasyon sa Human Resources at/o Global Ethics & Compliance.

Magkaroon ng kamalayan sa katotohanan na ang isang malapit na miyembro ng pamilya ay maaaring nagtatrabaho sa isang kapasidad na maaaring lumikha o mukhang lilikha ng isang salungat sa interes. Kung mangyayari ang ganitong sitwasyon, sumangguni sa inyong Human Resources o Global Legal Organization upang kayo ay magabayan.

MGA LUPON

Pa-aprubahan muna sa CEO at Chief Legal Officer bago sumang-ayon na maglingkod sa Lupon ng mga Direktor o isang katulad na organisasyon para sa isang taga-labas na negosyo o ahensiya ng pamahalaan.

Hindi ninyo kailangang humingi ng pag-apruba para manilbihan sa Lupon ng isang non-profit na organisasyon maliban kung ang organisasyon ay may ugnayan sa negosyo sa Kumpanya, kung saang kaso ay humingi ng pag-apruba para sa namumuno sa inyong Dibisyon o Gawain.

IBA PANG MGA KONSIDERASYON

Magsusumikap tayong panatilihin ang positibong kapaligiran sa trabaho na magpapakita ng ating pagpapahalaga sa Kumpanya at magsusulong ng matibay na pakikipag-ugnayan. Bagama't ang mga salungat sa interes ay kadalasang bunga ng mga pakikitungo natin sa mga taga-labas na partido, ang mga alitan o mukhang may alitan ay maaari ring resulta mula sa mga interaksyon sa loob ng Kumpanya. Tayo na nangangasiwa ng iba ay dapat manatiling nakatuon upang matiyak na ang mga sitwasyon ay hindi ginawa na maaaring lumabas sa iba na pinapaboran o isang potensyal na salungat sa interes.

Kung mayroon kayong mga tanong o nakita ninyo ang inyong sarili sa potensiyal na salungat na interes na sitwasyon, konsultahin ang inyong tagapamahala. Makikipagtulungan sa inyo ang Kumpanya upang sagutin ang sitwasyon at humanap ng naaangkop na kalutasan.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [Conflicts of Interest Related Issues](#) na makikita sa Chapter 7 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

TANONG:

Ang isang malapit na miyembro ng pamilya ninyo ay may-ari ng kumpanya ng excavation at nagsusumite ng bid para magnegosyo sa planta ng manufacturing kung saan ako nagtatrabaho. Nagtatrabaho ako sa linya ng produksiyon at wala akong awtoridad na magpasya. Kailangan ko pa rin bang ipaalam ito bilang posibleng kasalungatan ng interes?

SAGOT:

Oo. Kahit na maaaring wala kayong direktang kontrol sa kalalabasan ng proseso ng pag-bid, ang katotohanan na ang pinsan ninyo ay may mga koneksyon sa Kumpanya ay maaaring magpalagay na may kasalungatan ng interes. Kumonsulta sa Human Resources, Sa Global Legal Organization o sa Tagapamahala mo.

PINOPROTEKTAHAN NATIN ANG LIHIM SA KALAKAL NG KUMpanyA AT ANG KUMPIDENSIYAL NA IMPORMASYON

Ang mga lihim sa kalakal ng Colgate, iba pang mga kumpidensiyal na impormasyon at ang karamihan pa ng mga panloob na data ay mahahalagang ari-arian. Ang lihim sa kalakal ay isang impormasyong ginagamit kaugnay ng negosyo ng Colgate na sa pangkalahatan ay hindi pa nalalaman o hindi madaling madiskubre at sensitibo sa kumpetisyon. Samakatuwid, gumawa ng mga pagsusumikap para panatilihin ang pagkasikreto nito. Ang proteksiyon ng pangangalakal, mga sikreto at kumpidensiyal na impormasyon ay may mahalagang papel na ginagampanan sa ating tuloy-tuloy na paglago at kakayahang makipag-kumpetisyon.

ANO ANG ILANG HALIMBAWA NG MGA SIKRETO SA PANGANGALAKAL O IBANG KUMPIDENSIYAL NA IMPORMASYON?

- Ang anumang pormula, disenyo, aparato o impormasyon na ginamit sa ating negosyo na nagbibigay sa Colgate ng oportunidad na makakuha ng bentahe sa ating mga kakumpetensiya
- Intelektuwal na pag-aari na hindi isinapubliko
- Pananaliksik sa negosyo
- Mga bagong plano sa produkto
- Hindi pampublikong pinansiyal na impormasyon o hindi nailathalang impormasyon sa pagpepresyo
- Mga proseso sa manufacturing
- Anumang uri ng hindi nailabas na mga materyales sa marketing o sales
- Mga legal na opinyon o produkto ng trabaho ng abogado
- Hindi pinahintulutang mga larawan o video na kinunan habang nasa pasilidad ng manufacturing o pananaliksik ng Colgate
- Mga listahan ng empleyado, kostumer o vendor
- Impormasyon tungkol sa mga pangangailangan, kagustuhan, kasanayan sa negosyo at mga plano ng kostumer

Bagama't hindi kumpleto, ang listahang ito ay nagpapahiwatig ng malaking bahagi ng iba't ibang impormasyon na kailangang bantayan at ingatan. Ang mga lihim sa kalakal at iba pang mga impormasyong kumpidensiyal ay kailangang nalalagyan ng patente, pero hindi maaaring malaman ng publiko.

Ang inyong mga obligasyon tungkol sa mga lihim sa kalakal ng Colgate at iba pang kumpidensiyal na impormasyon ay ang:

HUWAG


Isiwalat ang impormasyong ito sa mga ibang taga-Colgate o mga ikatlong partido maliban sa “kaliangang malaman” o “kailangang gamitin” na batayan.

HUWAG


Iugnay ang mga ikatlong partido na pangasiwaan ang impormasyong ito nang walang angkop na pagrepaso sa mga kontrol sa seguridad ng information technology ng ikatlong partido at angkop na kasunduan sa pagiging kumpidensiyal na nakatalaga sa ikatlong partido.

HUWAG


Ipaskil o talakayin ang impormasyong ito sa mga website na pampubliko o sa social media sites.

HUWAG


Gamitin ang impormasyong ito para sa sarili mong pakinabang o para sa walang awtorisasyong kapakinabangan ng mga taong taga-labas ng Colgate.

GAWIN


Gawin lahat ng makakatwirang pamamaraan upang protektahan ang mga sikreto sa pangangalakal at kumpidensiyal na impormasyon ng Colgate.

Kapag umalis kayo sa Colgate, ang obligasyon mong protektahan ang mga sikreto sa pangangalakal at iba pang mga kumpidensiyal na impormasyon ng Colgate ay magpapatuloy. Kailangan ding tandaan ninyo na ang mga pagpapalitan ng dokumento, mga nakalathalang materyal, elektronikong impormasyon, mga dokumento o talaang anuman ang uri, mga tukoy na proseso ng kaalaman, mga pamamaraan, mga espesyal na paraan ng Colgate ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay - kumpidensiyal man o hindi - ay pawang mga ari-arian ng Kumpanya at kailangang manatili sa Colgate. Dapat mong ibalik lahat ng pag-aari ng Kumpanya na nasa iyo, nasa kustodiya ninyo o kontrol ninyo kapag umalis kayo sa Kumpanya.

Kung may tanong kayo tungkol sa kung ang impormasyon ba ay kumpidensiyal o isang lihim sa kalakal, kailangang ninyong kausapin ang Global Legal Organization.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [Preserving Company Proprietary Impormasyon](#) na makikita sa Chapter 12 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

TANONG:

Sa elevator papunta sa aking lugar ng trabaho, narinig ko ang dalawang kasamahan kong tinatalakay ang trabaho na kanilang ginagawa sa isang bagong produkto na isinasagawa. Nag-alala ako dahil kasama namin sa lugar na pinagtatrabahuhan ang iba pang mga kumpanya at ang impormasyon na kanilang tinatalakay ay mukhang kumpidensiyal. Dapat ba ay may sinabi ako?

SAGOT:

Oo. Napakahalaga na hindi talakayin ng mga taga-Colgate ang kumpedensiyal na impormasyon ng Kumpanya sa mga pampublikong lugar katulad ng mga lobby, kapeterya, elevator, atbp. kung saan hindi angkop na magkaroon ng kumpedensiyal na usapan. Hinihikayat kayong magsalita ("Speak Up") upang ipaalam sa mga katrabaho ninyo ang mga isinasaalang-alang ninyo at ipaalam sa kanila ang sitwasyon.

SINUSUNDAN NATIN ANG MGA PATAKARAN UKOL SA KAHILINGAN NG PRESS AT MEDIA

- Ang mga kahilingan na magsalita sa ngalan ng Colgate kaugnay ng impormasyong pang-pinansiyal o pang-negosyo mula sa media, press, komunidad-pinansiyal o ang publiko ay dapat na isangguni sa Bise Presidente, Corporate Communications, o sa Bise Presidente ng Investor Relations.
- Ang mga kahilingan na magbigay ng impormasyon sa ngalan ng Colgate sa mga kaugnay mula sa Securities and Exchange Commission, sa New York Stock Exchange o ibang mga tagapagsaayos at awtoridad sa buong mundo ay dapat na sumangguni sa Global Legal Organization.

Lubos na mahalagang walang empleyado na sila mismo ang sasagot sa ngalan ng Kumpanya sa kahit anong uri ng ganitong mga tanong o pakikipag-usap, dahil ang kahit anong hindi naaangkop o hindi tamang sagot, kahit na ang pagtanggap o pagtatatuwa ng impormasyon, ay maaaring magresulta sa masamang publisidad at maaaring seryosong maka-apekto sa Kumpanya.

Ang patakaran na ito ay hindi naaangkop sa mga kahilingan para sa pampublikong magagamit na pinansiyal na impormasyon, tulad ng mga Taunang Ulat at mga Kada-Tatluhang Buwang Ulat, o mga gawaing pang-promosyon na para sa publisidad ng Kumpanya.

Ang mga kahilingan na makapanayam ang kahit sinong empleyado ng Colgate na nagsasalita sa ngalan ng Kumpanya o sa mga gawain nito at/o pamamahagi ng kahit anong mga inilabas sa press ng Colgate at/o mga pahayag ay dapat na isangguni sa Bise Presidente, Corporate Communications, o sa Bise Presidente para sa Investor Relations. Ang mga sinimulan na pakikipanayam ng Kumpanya ay dapat munang ma-aprubahan bago ang mga ito maaaring i-plano na ganapin sa media.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [Securities Trading and Confidentiality of Impormasyon](#) na makikita sa Chapter 4 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

NAGMENTINA TAYO NG MGA TUMPAK NA LIBRO AT TALAAN

Ang pinansiyal na posisyon ng ating Kumpanya at ang mga resulta ng mga operasyon ay dapat na itala alinsunod sa mga pangangailangan ng batas at sa pangkalahatang tinatanggap na mga prinsipyo ng accounting (generally accepted accounting principles o GAAP). Ang patakaran ng Kumpanya, pati na ang batas, ay nag-aatas sa Colgate na magpanatili ng mga libro, talaan at mga account na nagpapakita ng tama at pantay na likas na katangian ng mga transaksyon sa negosyo at disposisyon ng mga ari-arian ng Kumpanya.

Ang integridad ng accounting at pinansiyal na talaan ng Kumpanya ay nakabatay sa kawastuhan at pagiging kumpleto ng mga impormasyon na inilaan upang suportahan ang mga nakalagay sa libro at mga account ng Kumpanya. Lahat ng kasama sa paggawa, pagpo-proseso at pagtatala ng ganitong impormasyon ay may

pananagutan sa integridad nito. Lahat ng accounting o ipinasok na may kinalaman sa pera ay dapat makapagpakita ng eksaktong nakalagay sa mga sumusuportang dokumentasyon. Hindi dapat itago ang impormasyon sa o sa pamamagitan ng namamahala, o sa mga panloob o independiyenteng tagasuri ng Kumpanya.

Walang bayad sa pangalan ng Kumpanya ang aaprubahan o gagawin kung ang kahit anong bahagi ng bayad ay gagamitin sa anumang layunin maliban sa inilarawan sa mga dokumento na nagsusuporta sa mga kabayaran. Walang mali o nakalililang na mga ipinasok ang dapat gawin sa anumang mga libro o mga pinansiyal na talaan ng Kumpanya para sa anumang dahilan. Walang pondo ng Kumpanya, ari-arian o account ang maaaring itaguyod, kuhanin o mentinahin para sa anumang layunin maliban kung maayos itong makikita sa mga libro at talaan ng Kumpanya. Walang pondo o ari-arian ng korporasyon ang dapat gamitin sa kahit anong layuning labag sa batas o hindi tamang paggamit.

Ang mga manager at ibang mga responsable sa mga paghahanda ng mga patakaran ng korporasyon na pang-pinansiyal ay sinusunod. Ang mga kita at gastos ay dapat na maayos na makita sa napapanahong batayan.

Ang mga ari-arian at pananagutan ay dapat na maayos na naiitala at nabigyan ng tamang halaga. Karagdagan pa rito, ang mga responsable o kasama sa paghahanda ng mga pagsusumite ng Colgate sa Securities and Exchange Commission at iba pang mga pagsusumite na kailangan ng naaangkop na batas, o iba pang mga komunikasyon sa negosyo o komunidad na pinansiyal, ay kinakailangang matiyak na ang mga pagsisiwalat sa mga naturang pagsusumite at mga komunikasyon ay buo, pantay, wasto, napapanahon at naiintindihan noong ginawa. Kung may napansin kayo na isang posibleng omisyon, palsipikasyon o pagkakamali sa mga ipinasok o isinulat sa accounting na pang-pinansiyal o sa mga pag-uulat ng Securities and Exchange Commission sa Colgate o iba pang komunikasyon, o kahit ano pang mga pagkakamali sa mga panlooban na kontrol, kayo ay dapat na maagap na mag-ulat ng ganitong impormasyon sa inyong manager o sa Global Legal Organization. Maaari rin ninyong kausapin ang Global Ethics and Compliance Department ng Kumpanya tungkol sa mga bagay-bagay na ito.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [Company Documents](#) na makikita sa Chapter 5 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

PINOPROTEKTAHAN NATIN ANG MGA ARI-ARIAN NG COLGATE

Ang mga ari-arian ng Kumpanya, mga pasilidad o serbisyo ay kailangang gamitin para lamang sa mga layuning naaayon sa batas, angkop at awtorisado. Ang pagnanakaw ng pera, ari-arian o serbisyo ay mahigpit na ipinagbabawal. Ang mga kagamitan o kasangkapan ng Colgate, mga sistema, pasilidad, credit card ng korporasyon at mga kagamitan ay kailangang kaugnay ng trabaho ninyo sa Colgate o para sa mga layuning awtorisado ng pangasiwaan. Mayroon kayong personal na responsibilidad hindi lamang sa pagbibigay ng proteksiyon sa ari-arian na ipinagkatiwala sa inyo ng Kumpanya, kundi pati na rin sa pangangalaga ng mga ari-arian ng Colgate sa pangkalahatan. Kailangan ding maging alerto kayo sa anumang sitwasyon na maaaring

TANONG:

Ano ang gagawin ko kapag ako ay pinakiusapan na patagalin ang pag-iipon ng mga tiyak na gastos hanggang sa sunod na panahon? Halimbawa, kung may nagpaliwanag sa akin na “hangga’t magawa natin itong itala ngayong taong piskal, wala tayong ginagawang masama,” totoo ba ito?

SAGOT:

Hindi. Ang sadyain na patagalin ang pag-iipon ng mga gastos anuman ang laki ng dami ay magiging isang pandaraya, hindi katanggap-tanggap at posibleng gawain na labag sa batas. Bawat transaksyon sa negosyo at transaksyong pinansiyal, gaano pa man kaliit ng halaga, ay dapat maiulat nang tama at totoo. Ang pandaraya ng kahit anong dokumento o talaan ng Kumpanya ay isang malalang kasalanan at maaaring magresulta sa pagkatanggal sa trabaho.

humantong sa pagkawala, maling paggamit o pagkanakaw ng ari-arian ng Kumpanya at kailangang iulat ninyo sa inyong manager o sa Global Security pagkatapos na pagkatapos na makarating ito sa inyong atensyon.

Tanging ilang mga opisyal lamang ng Kumpanya at iba pang mga matatagal nang empleyado ang may awtoridad na mangako nang may kinalaman sa mga ari-arian ng Kumpanya. Maliban kung maayos na pinahintulutan, hindi kayo dapat magsagawa ng mga pangakong makakaapekto sa mga ari-arian ng Kumpanya. Kung mayroon kayong mga tanong o kailangan ng paglilinaw, dapat kayong makipag-ugnayan sa lokal na pinansiyal na direktor ng inyong Dibisyon.

RESPONSABLE TAYONG GUMAGAMIT NG MGA KAKAYAHANG MAY KAUGNAYAN SA IMPORMASYON SA TEKNOLOHIYA

Ang Information Technology (IT) Resources and Social Media ng Colgate ay dapat responsableng magamit at sa paraan na pareho sa Koda at lahat ng ibang polisiya ng Kumpanya o mga pamamaraan.

Kabilang sa IT Resources ng Colgate ang lahat ng kasalukuyan at darating pang mga kagamitan o kasangkapan, software at mga serbisyong kumukuha, nagtatago, naghahatid at nagpoproseso ng mga data na pag-aari, inuupahan o ibinibigay ng Colgate.

Ang IT Resources ng Colgate ay dapat gamitin sa magalang, propesyonal na paraan para sa layunin sa negosyo ng Colgate maliban na lamang sa limitado at naaangkop na personal na layunin.

Karagdagan pa rito, ang mga sumusunod na paggamit ay ipinagbabawal:

- Ang mga mensaheng nanliligalig, nandidiskrimina, opensibo, mapanirang-puri, mapanlinlang o mapagbanta, kasama inyong mga nanlalait ng lahi, relihiyon, bansang pinagmulan, etnisidad, kulay, kasarian, pagkatao ng kasarian, edad, pagka-mamamayan, kalagayan sa pagka-beterano, kasal o hindi, kapansanan, o iba pang katangiang protektado ng batas.
- Walang awtorisasyong pamamahagi ng kumpidensiyal na impormasyon ng Colgate o lihim nito sa kalakal o ang hindi awtorisadong talakayan tungkol sa kumpidensiyal na negosyo ng Kumpanya o mga prosesong panloob sa anumang panlabas na site.
- Ang maging sanhi o ang pahintulutan ang malusutan ang seguridad o maputol ang komunikasyon sa network at/o ang maling pagsisiwalat ng inyong User ID o password sa iba o ang pahintulutan ang iba na gamitin ang inyong User ID o password.
- Anumang iba pang paggamit na ipinagbabawal ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya o ng Guidelines on Using Information Technology Resources at Social Media.

Maliban na lamang kung nabigyan ng hangganan ng mga naaangkop na batas, reserbado sa Colgate ang karapatang subaybayan, kuhanin at pag-aralan ang lahat ng mga IT Resources ng Kumpanya sa mga naaangkop na kaganapan sa sariling pagpapasiya ng Kumpanya at alinsunod sa mga naaangkop na batas. Ang karapatan ng Kumpanya na subaybayan, kuhanin at pag-aralan ang lahat ng IT Resources ng Kumpanya ay abot hanggang sa impormasyong personal at pang-negosyo na nilikha, itinago o ipinadala sa pamamagitan ng IT Resources ng Kumpanya, at kasama na rin ang mga social media site sa pamamagitan ng IT Resources ng Kumpanya. Hindi dapat umasa ang mga empleyado ng pagka-pribado sa pagsasaalang-alang ng mga naturang impormasyong personal o pang-negosyo.

Inirereserba ng Colgate ang karapatan na higpitan o itigil ang kahit anong kakayahan ng mga gumagamit na makapasok sa o gamitin ang Impormasyon tungkol sa Teknolohiya ng Colgate sa kahit anong oras, sa kahit anong dahilan, mayroon man o walang paunang pabatid, maliban na lamang kung ito ay ipinagbabawal ng batas.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [Using Information Technology Resources and Social Media](#) na makikita sa Chapter 13 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA ATING LUPON NG MGA DIREKTOR



Mapalad tayo na magkaroon ng isang grupo ng mga napakahuhusay na indibidwal na naglilingkod bilang mga miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng Kumpanya, na nagpapayo, gumagabay at namumuno na talagang mahalaga sa ating tuloy-tuloy na pagtatagumpay. Sa pinagsama-sama ng kanilang kaalaman, kasanayan sa negosyo, edukasyon at serbisyo sa publiko, karanasan sa loob at labas ng bansa, katangiang moral at etikal, at sa pagiging magkakaiba, ang ating Lupon ng mga Direktor ay nagkakaloob ng epektibong pangangasiwa sa negosyo ng Kumpanya.

MAYROON TAYONG LUPON NG MGA DIREKTOR NA INDEPENDIYENTE, MAY KARANASAN AT MAGKAKAIBA

Ang pagiging independiyente ay nagsusulong ng integridad at pananagutan. Patakarang Colgate na magkaroon ng isang Lupon ng mga Direktor na pangunahing bubuunin ng mga taga-labas na independiyenteng direktor. Lahat ng mga direktor na naglingkod sa mga komite ng Lupon na nangasiwa sa awdit, sahod at pamamahala ay independiyente. Walang nagkakaugnay-ugnay na pagka-direktor, at patakarang Kumpanya na wala sinuman sa mga independiyenteng direktor ang tatanggap ng anumang bayad sa pagkonsulta, legal o anumang bayad na hindi dahil sa pagiging direktor mula sa Kumpanya.

ISINUSULONG NATIN ANG ISANG DIREKTA AT BUKAS NA KOMUNIKASYON SA LUPON

Sa kapwa loob at labas ng silid ng lupon, ang mga direktor ng Colgate ay may madalas at direktang pakikipag-usap sa mga tagapamahala ng Kumpanya. Ang mga pangunahing manager na matataas ang kinatatayuan ay regular na sumasama sa mga direktor kung may mga pagpupulong ang Lupon at aktibo silang lahat na sumasali sa mga tapat na talakayan tungkol sa iba't ibang mga paksang may kinalaman sa negosyo. Sa pagitan ng mga nakatakdang pagpupulong ng lupon, ang mga direktor ay iniimbitahan, at madalas na nakikipag-ugnayan sa mga manager na matataas ang kinatatayuan kung mayroon silang mga tanong o mungkahi. Sa nagiging kinalalabasang kapaligiran ng pagiging bukas at pagiging tapat, nasasamin ang pangkalahatang kulturang korporasyon ng Colgate at natutulungan ang Lupon na magampanan ang isang aktibong papel sa pagpapahusay at paggabay sa estratehiya ng Kumpanya sa negosyo.

NANININDIGAN TAYO SA PINAKAMAHUSAY NA PANGANGASIWA SA KORPORASYON

Ang Lupon ng Colgate ay naging isang pinuno sa pagsuporta sa mga inisyatibo sa pangangasiwa ng korporasyon. Isa sa mga nanguna sa mga kasamahan nito sa pormal na pagpapairal ng isang koda ng pagsasagawa ng lahat ng negosyo at nakalikha ng mga tsarter para sa Lupon at sa mga Komite nito, naisalugar na ng Colgate ang isang napakahusay na gawi ng pangasiwaan ng korporasyon sa loob nang nakaraang dalawampung taon, na tuloy-tuloy na pinapaganda at nililalang. Ang Lupon ng Colgate ay nasa sentro ng mga patakarang ito at mahigpit na naniniwala na ang maayos na pangangasiwa ng korporasyon ay nagbibigay ng inspirasyon at may malaking naiitulong sa pang-matagalang panahong pagtatagumpay ng ating negosyo.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pagsangguni sa "[Board Guidelines on Significant Corporate Governance Issues](#)", na makikita sa colgatepalmolive.com.

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA MGA TAGALABAS NA ENTIDAD NG NEGOSYO



Responsibilidad ng bawat isa sa atin kung ano ang iniisip tungkol sa atin ng mga tagapagtustos (supplier), mga kostumer at ibang ikatlong partido. Mahalaga na panatilihin natin ang reputasyon ng Kumpanya sa katapatan at patas na pakikitungo sa mga grupong ito.

ETIKAL TAYONG NAKIKIPAG-UGNAYAN SA MGA SUPPLIER, KOSTUMER AT MGA IKATLONG PARTIDO

Ang tapat na pakikipagkalakalan sa mga tagapagtustos, kostumer at ibang ikatlong partido ay mahalaga para sa isang mapayapa at nagtatagal na ugnayan. Binibigyan natin ang lahat ng mga posibleng ikatlong partido ng patas at pantay-pantay na konsiderasyon. Ang mga desisyon sa pagpili ng vendor ay batay sa mga pamantayang may inaasahang resulta tulad ng presyo at kalidad, pati na sa pagka-maaasahan at integridad.

Bilang karagdagan, wala tayong pinalalawig na personal na pabor sa mga ikatlong partido sa mga presyo, promosyon al allowance, tulong sa pagmemerkado o katulad nito. Ang pakikipag-ugnayan sa mga supplier, kostumer at mga ikatlong partido ay tatalakayin nang higit pa sa seksiyong ito ng Koda na tumutugon sa Ating Ugnayan sa Pamahalaan at sa Batas.

Ang [Third Party Code of Conduct](#) ng Colgate ay makukuha sa ilang wika sa website ng Kumpanya.

HINDI TAYO NAGBIBIGAY O TUMATANGGAP NG MGA HINDI NAAANGKOP NA REGALO

Hindi katanggap-tanggap ang magbigay o tumanggap ng mga regalo, kabayaran o iba pang mga personal na pakinabang upang maka-impluwensiya, o maaaring magmukhang makaka-impluwensiya sa, anumang desisyon sa negosyo. Kung balak ninyo na magbigay o tumanggap ng isang regalo, kabayaran o iba pang pakinabang na higit pa sa naturingang maliit ang halaga (\$50 USD), kailangang kausapin ninyo ang Global Legal Organization o Global Ethics and Compliance para aprubahan ito bago gawin. Gayundin, isa-isip na makakatanggap lamang kayo ng isang regalo na naturingang maliit ang halaga mula sa iisang pagkukunan isang beses lamang kada isang taon sa kalendaryo. Kung nakakahiya para sa Kumpanya na hindi ninyo tanggapin ang isang regalo na higit pa sa naturingang maliit ang halaga, ang inyong pagtanggap sa regalo ay kailangang iulat sa Global Legal Organization. Karagdagan pa rito, huwag mag-aasikaso ng para sa o tatanggap ng isang regalo, kabayaran o iba pang pakinabang na higit pa sa naturingang maliit ang halaga, sa pangalan ng isang malapit na miyembro ng pamilya mula sa sino man kung saan ang Kumpanya ay mayroon nang kasalukuyang ugnayan sa negosyo o gustong magtatag ng isang ugnayan sa negosyo sa hinaharap.

Sundin ang tuntuning ito: huwag kahit kailan magbigay o tatanggap ng isang regalo o serbisyo kung ilalagay kayo nito sa alanganin o kompromiso o magmumukhang makukompromiso kayo. Hindi kasali rito ang mga paminsan-minsang paglilibang kaugnay ng negosyo, o ang mga regalong naturingang maliit ang halaga.

Kailangang batid ninyo na may mga espesyal na patakaran na nangangasiwa sa mga naaangkop na asal sa pakikitungo sa mga pamahalaang pederal, pang-estado, lokal o banyagang opisyal ng pamahalaan, na iba pa sa mga patakaran sa pakikitungo sa mga entidad na hindi sa pamahalaan. Sa pangkalahatan, hindi kayo makakapag-alok o makakapagbigay ng anumang regalo, pabuya o bagay na may halaga, kabilang na ang pagpapakain o pagbibiyahe, sa mga empleyado ng pamahalaan o mga pamahalaan maliban na lamang kung una nang inaprubahan ng Global Legal Organization.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga regalo sa mga opisyal ng pamahalaan o sa mga pamahalaan sa pagsangguni sa Global Policy on Expenditures Related to Government Officials and Governments, at ang kaugnay na Approval Form.

Ang mga nagbebenta sa at tagapagtustos ng Colgate ay kailangang palaging pagpayuhan ng mga kinakailangang gawin upang mahigpit na makasunod sa Koda ng Pag-uugali ng Ikatlong Partido kapag nakikipag-trabaho sa atin o harapin ang posibilidad na ating tatapusin ang ating pakikipag-negosyo sa kanila dahil sa kanilang hindi pagsunod dito. Karagdagan pa rito, kailangang igalang natin at mahigpit tayong sumunod sa mga patakaran ng kostumer o tagapagtustos sa hangganang hindi sumasalungat ang mga iyon sa sarili nating patakaran.

TANONG:

Inimbitahan ako ng isang kostumer sa professional golf tournament. Inabisuhan ko ang aking superbisor tungkol sa imbitasyon at inaprubahan niya ang aking paglahok sa kundisyong tatalakayin ang negosyo. Sa tournament, may naganap na palabunutan at nanalo ako ng isang set ng golf clubs na ang presyo ay medyo mataas. Labag ba sa Koda na tanggapin ko ito?

SAGOT:

Oo. Anumang premyong natanggap sa isang paligsahan, palabunutan o raffle ay ituturing na regalo. Kung ang halaga ng regalo ay lampas sa mababang halaga na tinukoy sa patakaran natin sa regalo, ang pagtanggap nito ay ituturing na paglabag sa Koda. Ang EthicsLine ay makakapagbigay din ng karagdagang gabay o payo kung mayroon kayong mga katanungan.

IGINAGALANG NATIN ANG MGA LIHIM SA KALAKAL AT MGA KUMPIDENSIYAL NA IMPORMASYON NG IBA

Patakaran ng Colgate na hindi sadyaing lumabag sa balido at ipinatutupad na karapatan ng iba sa ari-ariang intelektuwal. Patakaran din ng Kumpanya na igalang ang mga lihim sa kalakal o iba pang mga impormasyon na pagmamay-ari ng iba. Ito ay mahalaga lalo na kung sumali kayo sa Colgate at mayroon kayong kaalaman sa mga lihim na kalakal o impormasyon mula sa pag-aari ng isang dating empleyado. Kung may anumang mga katanungan na manggaling sa lugar na ito, dapat kayong kumonsulta sa Global Legal Organization.

Kung sino man ang lumapit sa inyo na hindi bahagi ng Kumpanya na may imbensyon, may nadiskubre o ideya, mahalaga na maprotektahan ang Kumpanya laban sa panghihimasok sa hinaharap o mga panghahabol para makakuha ng pera. Huwag payagan ang mga taga-labas na isiwalat ang anumang detalye ng kanilang imbensyon, nadiskubre o bagong ideya sa iyo nang hindi muna kumukonsulta sa Global Legal Organization. Isangguni ang lahat ng partidong lumalapit at nagbibigay ng mga hindi hinihinging ideya alinman sa Global Legal Organization o sa departamento ng Consumer Affairs sa inyong lokasyon para sa pagaasikaso alinsunod sa mga pamamaraan ng Kumpanya.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [“Preserving Company Proprietary Information and Respecting the Proprietary Information of Others”](#), na makikita sa Chapter 12 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA MGA MAMIMILI



Ang ating reputasyon ay naitatag mula sa kalidad at pagiging ligtas ng ating mga produkto. Ang ating paninindigan sa kalidad at kaligtasan ay mahalaga para sa pagpapatuloy ng paglaki at pagtatagumpay ng ating Kumpanya.

NAGTATALAGA TAYO NG PINAKAMATATAAS NA PAMANTAYAN SA ATING MGA PRODUKTO

Nakapangako tayo na siguraduhin sa mga konsyumer na maaasahan ang mga produkto ng Colgate sapagkat ang mga ito ay mapapagkatiwalaan, de-kalidad at may bukod-tanging nagagawa. Karagdagan pa sa paglilingkod sa bilyon-bilyong tao sa mga merkado kung saan tayo ay nagnenegosyo, kailangang tayong magsumikap na magawa ang ating mga produkto sa pinaka-mahusay na paraan upang ang mga iyon ay maging abot-kaya sa pinakamaraming bilang ng mga mamimili.

Ang mga produktong ibinebenta ng Colgate ay hindi lamang dapat na makasunod sa pamantayang itinakda ng batas ukol sa kaligtasan kundi pati na rin sa mahihigpit na pamantayan ng Kumpanya. Sumasali tayo sa mga programa upang makapagbigay ng madaliang tulong sa mga mamimili kung sakaling may pinaghihinalaang nakiki-alam (tampering) sa produkto, may maling paggamit o may nagpalsipika ng mga produkto. Ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ay mga pangunahing pinahahalagahan natin, at bilang isang empleyado ng Colgate, responsibilidad ninyo na agad na iulat ang anumang suliranin na natagpuan ninyo na may kaugnayan sa kalidad ng produkto o sa kaligtasan, sa pinuno ng yunit ng inyong negosyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng ating mga sangkap, mangyaring sumangguni sa ating patakaran sa [Ingredient Safety](#) na makikita sa [colgatepalmolive.com](#).

TUMUTUGON TAYO SA MGA MAMIMILI

Sapagkat ang ating negosyo ay mga produkto para sa mga konsyumer, ang ating tagumpay ay nakabatay sa kasiyahan ng konsyumer, tiwala at palagay na kalooban. Pinakamabilis na makakamit natin ang ating mga layunin at pinakamahusay na mapapaglingkuran natin ang mga pangangailangan ng mga konsyumer sa pamamagitan ng pagsunod sa isang konsistent, patas at sensitibong programa ng komunikasyon sa konsyumer.

Kinikilala natin ang kahalagahan na dapat nang hintayin at tugunan ang mga konsyumer at tiyaking matutugunan natin ang mga ito pati na ang mga mas magugustuhan. Naniniwala rin tayo na ang mga opinyon ng konsyumer, mga aalahanin at mga tanong na ipinarating sa Kumpanya ukol sa ating mga produkto ay mga mahahalagang napagkukunan ng impormasyon. Ang mga pangangailangan ng mga konsyumer ay palaging nagbabago, kaya kailangang tuloy-tuloy pa rin tayong makinig sa mga kagustuhan ng mga tao upang matugunan ang mga pabago-bagong pangangailangan.

Kapag ang isang konsyumer ay nagpapahayag ng kawalang-kasiyahan, kaagad na haharapin ng ating Consumer Affairs na pangkat ang problema, sa isang magalang at patas na pamamaraan, at ginagawa natin ang lahat na makatuwirang pagsusumikap upang masustena o makuha ulit ang kalooban ng konsyumer.

ANG ATING PATALASTAS AY TAPAT AT TUMPAK

Isa sa mga pinaka-importanteng aspeto ng ating negosyo ay ang patalastas. Ang patalastas ay dapat na malikhain at mapag-kompetensya, pero dapat ding makatotohanan, wasto at palaging sumusunod sa naaangkop na batas. Ang ating patalastas ay dapat ding umiwas sa anumang stereotyping ng mga indibidwal batay sa mga salik tulad ng:

- Lahi
- Kasarian o Pinagkakakilanlang Kasarian
- Katayuan sa Pag-aasawa
- Relihiyon
- Edad
- Kapansanan
- Bansang Pinagmulan
- Sekswal na Oryentasyon
- Ano pa mang ibang katangian na protektado ng batas
- Etnisidad
- Katayuan bilang Beterano

TANONG:

Ang katrabaho ko ay isang Line Operator na responsable sa pagsasagawa ng oras-oras na pagsusuri sa timbang upang matiyak ang tamang dami ng produkto ay naibigay. Naniniwala ako na hindi niya isinasagawa ang mga pagsusuri at pinapalsipika ang kanyang dokumentasyon. Dapat ko bang abisuhan ang aking superbisor?

SAGOT:

Oo. Ang ating reputasyon ay naitatag mula sa kalidad at pagiging ligtas ng ating mga produkto. Kung pakiramdam ninyo na ang anumang mga pagkilos ay naisagawa na maaaring makasira sa reputasyon ng ating Kumpanya o makaapekto sa ating mga kostumer o mga konsyumer, kailangan mong abisuhan kaagad ang inyong pamamahala at ang EthicsLine.

Ang patalastas ay nakakalikha ng higit pa sa imahe ng produkto. Itinatag nito ang ating reputasyon ng kahusayan, mapapagkatiwalaan at maaasahan.

Karagdagan pa rito, nag-iingat tayo sa pagpili ng media kung saan ang mga mensahe ng ating patalastas ay lumalabas. Hindi natin pinapayagan na ang ating mga patalastas ay lumabas sa mga programa sa telebisyon o sa ibang pang mga media na masyadong nangangako o gumagamit ng labis-labis na karahasan o pagtatalik, laban sa lipunan o may masamang epekto sa reputasyon o sa mga produkto ng ating Kumpanya.

Sumusunod tayo sa mga pamantayan ng pagiging patas sa komersiyo sa paggawa, paggamit at pagpili ng patalastas, mga tatak-kalakal at disenyo upang ang ating mga produkto ay magtagumpay dahil sa sariling husay ng kalidad ng mga ito at dahil sa reputasyon, sa halip na dahil sa panggagaya o pangangalakal na umasa sa husay ng kalaban. Hinihingi sa pagkakaroon ng pagkakapantay-pantay sa komersiyo ang:

- Mahigpit na pagsunod sa mga lokal na iniatas ng batas ukol sa paglabag na may kinalaman sa tatak-kalakal at hindi patas na kompetisyon.
- Ang pag-iwas sa pagkopya ng mga lubos na kilalang tatak-kalakal, mga slogan, mga tema sa patalastas at grapiko na ginamit ng mga kumpanyang may operasyon sa maraming bansa at mga kalaban sa kompetensiyang pang-rehiyonal sa labas ng inyong lokalidad.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [Advertising](#) na makikita sa Chapter 14 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA PAMAHALAAN AT SA BATAS

Sumusunod tayo sa lahat ng batas na angkop sa Colgate. Patakaran natin na higitan pa ang titik ng batas at sumunod sa espiritu nito. Palaging sumangguni sa Global Legal Organization kahit kailan na mayroon kayong duda.

SUMUSUNOD TAYO SA LAHAT NG ANGKOP NA BATAS

Ang mga taga-Colgate ay dapat magsagawa ng mga aktibidad ng Kumpanya upang ganap na tumupad sa mga batas ng mga bansa kung saan siya may operasyon, pati na makabuluhang mga batas ng Estados Unidos ayon sa nakabalangkas sa Business Practices Guidelines ng Kumpanya, mga patakaran at mga pamamaraan. Bilang patakaran, tayo, bilang Kumpanya ay kailangang sumunod sa pinakamataas na angkop na mga pamantayan. Kung sa inyong paniwala ay may kasalungatan sa pagitan ng mga lokal na batas at sa makabuluhang batas ng U.S. o sa patakaran ng Kumpanya, mangyaring kumonsulta sa Global Legal Organization.

SUMUSUNOD TAYO SA MGA BATAS SA KUMPETISYON

Patakaran ng Colgate na ang lahat ng empleyado ay ganap na sumunod sa mga batas sa kompetisyon (kilala rin na batas sa antitrust sa U.S.) ng bawat bansa, estado at lokalidad kung saan tayo nagnenegosyo. Ang layunin ng mga batas sa kompetisyon ay upang protektahan ang mga konsyumer o ibang kumpanya sa pagtitiyak na patas mapag-kompetensiya ang mga kumpanya sa pag-aalok ng mas mababang presyo, mga makabagong produkto at mas mahusay na serbisyo, at hindi sa pamamagitan ng nakakasagabal na mga puwersa ng merkado na nakakaapekto sa pagtutustos at pangangailangan. Halos bawat bansa ay nagpapatupad ng batas sa kompetisyon. Responsibilidad natin na unawain ang mga batas kung saan tayo ay nagnenegosyo at humingi ng gabay kung kinakailangan mula sa Global Legal Organization.

Ang batas sa kompetisyon sa buong mundo ay nagbabawal ng mga kasunduan sa mga umiiral na, o posibleng mga ka-kompetensya na maaaring makasama sa kompetisyon. Ang susi sa pagsunod ay kalayaan. Ang Colgate ay dapat kumilos nang malaya sa kanyang mga iba't ibang gawain sa negosyo:

- Pagtatakda ng presyo
- Mga diskwento o mga promosyon
- Mga tuntunin ng pagbili at pagbenta
- Pagpili ng mga kostumer, mga distribyutor o mga tagapagtustos
- Pagpili ng mga produkto na gagawin at kung magkaano ito ibebenta

Mahalagang tandaan na ang isang labag sa batas na kasunduan ay hindi na dapat pangmaging isang pormal na dokumento o ni hindi kailangang nakasulat. Maaaring ito ay isang kasunduan sa salita o maaaring simpleng nagpahiwatig mula sa isang kurso ng asal sa negosyo, o mula sa mga kaswal na komento. Ang isang kasunduan ay hindi rin dapat na matagumpay na maipatupad nang labag sa batas.

Ang pagiging independiyente ng mga kumpanya ay maaaring maapektuhan, at ang ilegal na kasunduan ay maaaring ipahiwatig, kapag ang mga kakumpetensiya ay nagbabahagi o nakakatanggap ng kumpidensiyal o hindi pampublikong impormasyon tungkol sa kasalukuyan o panghinaharap na mga plano sa negosyo (hal. isang binabalak na pagtaas ng presyo, mga singil ng mga tagapagtustos, mga bagong paglunsad ng produkto, atbp.). Napakahalaga nitong tandaan sa mga survey at pulong ng samahan sa pangangalakal. Sa pangkalahatan, dapat kayong kumuha ng pag-apruba mula sa Global Legal Organization bago lumahok sa anumang pulong kung saan maaaring naroon ang kakumpetensiya. Hindi ninyo dapat ibahagi ang kumpidensiyal na impormasyon ng Kumpanya sa mga kakumpetensiya. Kapag nakatanggap kayo ng impormasyon tungkol sa kakumpetensiya na pinaniniwalaan ninyong maaaring kumpidensiyal, dapat ninyo agad abisuhan ang Global Legal Organization. Hindi ninyo dapat gamitin o ibahagi ang impormasyong ito nang hindi muna nakakatanggap ng Legal na pag-apruba.

Ang mga batas sa kompetisyon ay nagbibigay din ng proteksiyon mula sa mga maninila o hindi patas na aksiyon na ginagawa ng mga dominanteng kumpanya upang matiyak na ang mga nakikipag-kompetensya ay bukas at patas. Ang mga pagkilos na magiging legal kung ginawa ng mga hindi dominanteng kumpanya ay maaaring ituring na ilegal kapag ginawa ng mga dominanteng manlalaro. Sa mga bansa kung saan napakalakas ng bahagi ng merkado ng Colgate, dapat mong tanungin ang inyong lokal na legal na kinatawan upang matiyak na ang ilang pinag-isipang pagkilos (hal. partikular na patakaran sa diskuwento o pagtanggong magbenta) ay hindi ituturing na pang-aabuso ng dominanteng posisyon.

Ang mga batas sa kompetisyon ay nagpapataw din ng ilang mga limitasyon sa mga ugnayan sa pagitan ng mga tagapagtustos at sa kanilang mga kostumer at mga distribyutor. Sa karamihan ng mga bansa, ang anumang pagtatangka na mag-alis sa mga kostumer o distribyutor ng kanilang kalayaan upang matukoy ang mga presyo o mga tuntunin at kondisyon ng pagbebenta, o limitahan ang kanilang karapatan upang magpatakbo nang malaya ay labag sa mga batas ng kompetisyon. Mahalagang bigyang-diin sa ating mga kostumer na ang ating "Recommended Retail (o Resale) Selling Prices" (ang "Inirerekomendang mga Presyo ng Tingi (o Muling Pagbebenta) Pagtinda") ay gayon lang - inirerekomenda. Laging malaya ang mga kostumer na magbenta sa anumang presyong kanilang ninanais.

Ang mga kahihinatnan ng paglabag sa mga batas sa ay maaaring humantong sa mga multa para sa Kumpanya at mga multa (kabilang ang pagkakulong) para sa mga indibidwal na kasangkot. Pati ang mga imbestigasyon sa potensiyal na laban sa kumpetisyong asal ay maaaring magdulot ng makabuluhang pinsala sa reputasyon at abala sa negosyo.

Kung mayroon kayong anumang mga pagdududa kung ang isang pinaplanong gagawin ay maaaring magbunga ng mga problema sa ilalim ng mga batas sa kompetisyon, dapat kayong sumangguni sa Global Legal Organization.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [International Competition](#) na makikita sa Chapter 6 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

TANONG:

Ang isang kaugnayan sa negosyo ang nagsabi sa akin tungkol sa isang pulong na gaganapin sa pamamagitan ng isa sa aming mga direktang ka-kompetensya sa panahon ng isang dental convention. Gusto ko na dumalo sa kanilang pulong, pero sa tingin ko ay hindi nila ako papapasukin kung alam nila na ako ay mula sa isang ka-kompetensiyang kumpanya. Maaari ba akong dumalo basta't panatilihin kong lihim kung sino ako?

SAGOT:

Hindi. Hindi kayo dapat magkaila kung sino kayo upang makakuha ng impormasyon tungkol sa isang ka-kompetensya. Kailangan ding sumangguni kayo sa Global Legal Organization bago pumasok sa anumang pulong ng isang ka-kompetensya, dahil ang naturang pulong ay maaaring magbunga ng mga alalahanin na may kaugnayan sa antitrust.

SUMUSUNOD TAYO SA MGA BATAS SA SECURITIES

Sa pagkakataon na maaaring mayroon kayong access sa impormasyon tungkol sa Colgate o iba pang mga kumpanya na ikinakalakal sa publiko kung saan ang Colgate ay gumagawa ng negosyo na hindi batid ng publiko ("hindi-pampubliko") - tulad ng mga pang-pinansiyal o resulta sa operasyon, mga posibleng akwisisyon, mga divestment o financing, marketing plan o paglulunsad ng bagong produkto.

Ang impormasyon ay itinuring na hindi-pampubliko hanggang sa ito ay sapat nang naisiwalat sa publiko - sa ibang salita, ang impormasyon ay malawak na ikakalat at sapat na oras na ang lumipas upang ang securities market ay lubusan nang malubog sa impormasyon. Kung ang hindi-pampublikong impormasyong ito ay maituturing na "materyal" — iyon ay, impormasyong isasaalang-alang ng isang marunong na imbester kung nagdedesisyon ukol sa investment — dapat kayong sumunod sa mga sumusunod na batas sa securities at patakaran ng Kumpanya:

- Hindi ninyo dapat ipagpalit ang para sa inyong sariling account o para sa account ng ibang tao sa mga stock, mga bond o iba pang mga securities ng kumpanya (Colgate o iba pa) kung saan maii-ugnay ang mga materyal na hindi-pampublikong impormasyon;
- Hindi ninyo dapat hikayatin o ibuyo ang iba, sa batayang tulad ng sa mga hindi-pampublikong impormasyon, upang ikalakal ang mga stock, mga bond o iba pang mga securities ng kumpanya;
- Hindi ninyo dapat ibunyag ang naturang di-pampublikong impormasyon sa mga taong hindi taga-Colgate; at
- Hindi ninyo dapat talakayin ang naturang hindi-pampublikong impormasyon sa mga taga-Colgate maliban na lamang kung mayroon silang pangangailangan na malaman ang naturang impormasyon.

Sa ibang salita, hindi ninyo magagamit ang hindi pampublikong impormasyon na natutunan ninyo sa inyong pag-employo sa Colgate upang mabenepisyuhan kayo o ang ibang tao sa anumang security o transaksyon sa pamumuhunan.

Kapag may natutunan kayong hindi pampublikong impormasyon sa pamamagitan ng trabaho ninyo sa Colgate, dapat mag-ingat kayong panatilihin g kumpedensiyal ang impormasyon at hindi kayo dapat magsagawa ng anumang palitan (o payuhan ang sinumang iba na magsagawa ng anumang palitan) sa securities ng Colgate o anumang ibang apektadong kumpanya hanggang ang makatwirang panahon ng oras ay nakalipas matapos ang impormasyon ay inanunsiyo sa publiko. Kasama sa pagbabawal na ito ang paggamit ng mga opsiyon sa stock at sa anumang mga desisyon na mamuhunan sa o magpakawala ng stock ng Colgate sa pamamagitan ng mga planong benepisyo ng Kumpanya.

Ang obligasyon ninyong panatilihin ang pagiging kumpedensiyal ng hindi pampublikong impormasyon ay magpapatuloy matapos ang pagka-employo ninyo sa Colgate hanggang ang impormasyong iyon ay sapat nang naisiwalat sa publiko.

Kung mayroon kayong tanong kung ang impormasyon ay "materyal" o kung sapat nang naisiwalat sa publiko, kailangan ninyong kausapin ang Global Legal Organization at dapat umiwas sa pakikipag-kalakalan sa mga apektadong securities o pagsisiwalat ng impormasyon na natanggap ninyo.

TANONG:

Alam ko na hindi ako makakabili o makakapagbenta ng stock ng Kumpanya batay sa “panloob” o “insider” na impormasyon, ngunit maaari ba akong magpayo sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan na gawin ito?

SAGOT:

Hindi. Kayo ay lumalabag sa mga batas sa “insider trading” tulad ng pagbili ninyo ng stock para sa inyong sarili. Karagdagan pa rito, ang tao na inyong pinayuhan ay maaaring lumalabag sa batas kung alam niya na ang inyong rekomendasyon ay batay sa impormasyong mula sa “loob” o “insider information”.

SUMUSUNOD TAYO SA MGA BATAS LABAN SA PANUNUHO

Ang paninindigan ng Colgate na makipagkalakalan sa mga pamahalaan nang ayon sa batas at sa etika ay ipinatutupad sa buong mundo. Ang patakaran ng Kumpanya pati na ang Foreign Corrupt Practices Act (“FCPA”) ng U.S. at katulad na mga batas laban sa panunuho sa buong mundo ay nagbabawal sa mga tauhan natin o sinumang kumikilos sa ngalan natin kaugnay ng ating negosyo sa pagbibigay o pag-aalok ng anumang may halaga nang direkta sa sinumang opisyal ng pamahalaan upang makakuha ng anumang negosyo o maapektuhan ang anumang pagkilos o pasya ng pamahalaan.

Ang patakaran ng Kumpanya at ilang mga angkop na batas ay nagbabawal din sa anumang pampadali o “pampadulas” na bayad sa mga opisyal ng pamahalaan, direkta man o hindi direkta, upang pabilisin ang anumang opisyal na serbisyo o paggawa (halimbawa, maliliit na bayad sa isang opisyal para mauna sa linya ang aplikasyon ng Colgate o para paikliin ang oras ng mga serbisyo o ibang pagkilos). Anumang mga opisyal na bayad na suportado ng mga resibong inilaan ng pamahalaan ay hindi kwalipikado bilang mga hindi angkop na bayad.

Upang matiyak na hindi kayo lumabag sa pamantayang ito, direkta man o sa pamamagitan ng ikatlong partido, patakaran ng Kumpanya na, maliban sa legal na mandatong bayarin na suportado ng opisyal na resibo (hal. bayad sa permit o lisensiya), walang bayad, libangan, biyahe, mga regalo o ibang bagay na mahalaga na maaaring ibigay o ihandog sa mga opisyal ng pamahalaan, anuman ang halaga, maliban kung bago pa man ay aprubado sa pamamagitan ng sulat ng Global Legal Organization.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pagsangguni sa Global Policy on Expenditures Related to Government Officials and Governments, at ang kaugnay na Approval Form.

Mahalagang malaman na ang terminong “mga opisyal ng pamahalaan” ay malawak ang depinisyon at kabilang ang mga empleyado na naka-empleyo sa anumang pampubliko o kaanib ng estadong institusyon o organisasyon o kumikilos sa opisyal na kapasidad sa anumang paraan, full-time, part-time o walang bayad. Ang mga opisyal ng pamahalaan ay makikita sa lahat ng sangay at antas ng pamahalaan at pampublikong buhay at maaaring kasama ang sinuman mula sa mababang antas na mga empleyado ng customs hanggang sa mga mataas na ranggong gumagawa ng batas, pati na ang mga propesor at mga guro, dentista, beterinaryo, o ibang mga propesyunal at Mahahalagang Pasimuno sa mga Ideya (Key Thought Leaders) at empleyado ng mga outlet ng media na pag-aari ng estado. Kung nagdududa kayo kung ang isang indibidwal ay maaaring ituring na opisyal ng pamahalaan, kailangan ninyong kausapin ang Global Legal Organization.

Palaging maging prangka at tapat sa pakikitungo at pakikipag-komunikasyon sa mga empleyado ng pamahalaan. Ang anumang alam o kusang maling pahayag sa mga empleyado ng pamahalaan (oral o nakasulat) ay maaaring maglantad sa inyo at sa Kumpanya sa makabuluhang multa.

Ang ilang mga batas sa lobbying ay maaaring mangailangan na ang Kumpanya at/o ang mga empleyado nito o mga ikatlong partido ay magparehistro at mag-ulat bilang isang lobbyist kung ang isang taga-Colgate o ahente ay nakikipag-usap sa isang empleyado ng pamahalaan para sa layuning maimpluwensiyahan ang lehislyasyon o ang ilang iba pang opisyal na aksyon. Kung nauugnay kayo sa anumang naturang aktibidad o may mga balak na gawin, direkta man o sa pamamagitan ng ikatlong partido, dapat kayong makipag-ugnayan sa Global Legal Organization upang malaman ang mga mahahalagang kailangan at ang mga susunod na hakbang.

TANONG:

Naiintindihan ko na may mga batas na nagbabawal na suhulan ang mga opisyal ng pamahalaan. Pero ipinagbabawal din ba ng batas ang panunuhol sa mga tao na hindi naman opisyal ng pamahalaan?

SAGOT:

Oo. May mga batas laban sa panunuhol na nagbabawal sa panunuhol sa mga pribadong partidong komersiyal; iyon ay komersiyal na panunuhol. Ganoon din ka-importante ang mga batas na ito - mahigpit na ipinatutupad - tulad ng pagbabawal sa panunuhol sa mga opisyal at empleyado ng pamahalaan. Palaging tandaan na ang patakaran ng Kumpanya at ng lokal na batas ay nagbabawal sa panunuhol sa sino man sa pagsasagawa ng negosyo ng Kumpanya, opisyal man ng pamahalaan o pribadong tao.

Bilang karagdagan sa pagbabawal sa panunuhol sa mga opisyal ng pamahalaan, ipinagbabawal din ng patakaran ng Kumpanya at ng mga makabuluhang batas ang panunuhol sa mga pribadong partido. Hindi kayo dapat magpursigeng impluwensiyahan ang paghuhusga o asal ng alin mang ikatlong partido na maaaring may isinasagawa kayong negosyo sa pamamagitan ng mga pangako ng mga regalo, bayad o iba pang mga pakinabang, o sa pamamagitan ng anumang labag sa batas na paggaganyak.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [Business Relationships with Government Entities](#) na makikita sa Chapter 10 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

SUMUSUNOD TAYO SA MGA REGULASYONG PANGKALAKALANG INTERNASYONAL

Sumusunod ang Kumpanya sa lahat ng angkop na batas na namamahala sa pandaigdigang pangangalakal at dapat ding sumunod sa makabuluhang regulasyon sa pangangalakal sa U.S. saanman kami may operasyon sa mundo.

Nireregula ng mga batas ng Trade Sanction ang mga pag-aangkat at mga pagluluwas at maaari din nilang pagbawalan ang Kumpanya sa pakikipag-negosyo sa ilang mga bansa o sa ilang mga indibidwal o entidad. Bago iugnay ang anumang ikatlong partido (vendor, kostumer, atbp.), dapat suriin ang ikatlong partido sa dalawang listahan ng "Restricted Parties" na minementina ng pamahalaan ng U.S. para matiyak na malaya ang Kumpanyang magpatuloy sa transaksyon.

Pinagbabawalan ang Kumpanya na lumahok sa mga banyagang boycott na hindi pinahihintulutan ng U.S. at inaatasang iulat agad ang anumang mga hiling na kaugnay ng mga nasabing boycott. Ang anumang nasabing hiling ay dapat iulat agad sa Global Legal Organization para sa angkop na pamamahala.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [International Business Activities](#), na makikita sa Chapter 9 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

SUMUSUNOD TAYO SA MGA BATAS SA PAGKAPRIBADO NG DATA AT PROTEKSIYON NG DATA

Iginagalang ng Colgate ang pagkapribado ng mga empleyado, konsyumer, kostumer, tagapagtustos at ibang mga ikatlong partido na may kaugnayan sa negosyo ng Colgate at samakatuwid, responsable nating pinangangasiwaan ang personal na impormasyon at ayon sa lahat ng angkop na batas sa pagkapribado ng impormasyon at proteksiyon ng impormasyon.

Bilang bahagi ng kanilang trabaho sa Colgate, ang mga empleyado ay maaaring magbigay ng tiyak na personal na impormasyon sa kumpanya, tulad ng tirahan at e-mail adres, impormasyon tungkol sa pamilya para sa mga layunin ng mga benepisyo, at iba pang personal na impormasyon.

Gayundin, ang ating mga mamimili, sa pamamagitan ng mga kahilingan para sa mga impormasyon ng produkto o pagsali sa mga itinataguyod na paligsahan ng Kumpanya, ay maaaring magbigay sa Kumpanya ng personal na impormasyon tulad ng mga pangalan, adres at e-mail adres.

Sa panahon ng pakikipag-ugnayan sa negosyo sa Colgate, ang mga kostumer, mga tagapagtustos at iba pang mga ikatlong partido ay maaaring magbigay sa Kumpanya ng personal na impormasyon, tulad ng mga pangalan, mga numero ng telepono, mga numero ng fax, adres, e-mail adres at impormasyon ng credit card.

Pagdating sa lahat ng impormasyong ito, patakaran ng Colgate na:

- Kolektahin, iproseso, gamitin at panatilihin lamang ang personal na impormasyon sa dahilang inilaan ito sa atin, maliban kung kumuha tayo ng pahintulot sa iba pang paggamit nito, at kung kinakailangan para sa ating mga layunin sa pagtatago ng mga talaan;
- Gawin ang lahat na makatwirang hakbang para mapangalagaan ang personal na impormasyon upang maiwasan ang hindi pinahihintulatang pagsisiwalat o paggamit;
- Huwag ibahagi ang personal na impormasyon sa mga ikatlong partido maliban sa ating mga tagapagbigay ng serbisyo na tumutulong sa pamamahala ng ating negosyo at kapag pumayag lamang ang partidong iyon na sumunod sa ating mga pamantayan sa pagkapribado at sa lahat ng mga angkop na batas sa pagkapribado;
- Sumusunod sa lahat ng angkop na batas.

Ang mga batas tungkol sa pagka-pribado ng data at proteksiyon ng data ay madalas na binubuo at binabago. Tayo ay naninindigan na susubaybayan ang pagbabago-bago ng mga batas ukol sa pagka-pribado ng data at proteksiyon ng data at maaaring, sa pana-panahon, ay gumawa ng mga tiyak na patakaran para sa mga iyon.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa [data privacy and data protection](#), na makikita sa Chapter 11 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](#).

SUMUSUNOD TAYO SA MGA BATAS SA PAGPAPANATILI NG TALAAN

Maraming batas sa buong mundo ang nag-aatas na magmentina ang Colgate ng ilang uri ng mga talaan (kabilang ang mga pisikal na dokumento at electronic data) para sa mga partikular na panahon. Ang kabiguang tumupad sa mga inaatas ay maaaring magsailalim sa Kumpanya sa makabuluhang multa at ibang mga multa. Naninindigan ang Colgate sa isang Records Management Program na tumutugon sa lahat ng angkop na legal at pangregulasyong inaatas, pinupunan ang mga pangangailangan ng ating negosyo sa pagpapanatili ng talaan, at tinitiyak na ang mga paso na o hindi kailangang mga dokumento ay angkop na itinatapon.

Inaatasan kayong isiwalat ang makabuluhan at kailangang impormasyon o mga dokumento sa anumang legal na pagkilos, imbestigasyon o pagdinig ayon sa inaatas ng batas. Sa pagtanggap ng anumang subpoena, kautusan ng korte o ibang legal na prosesong nag-aatas sa pagsisiwalat ng impormasyon ng Kumpanya o mga dokumento, inaatasan kayong abisuhan ang Global Legal Organization, hanggang sa abot ng nasasaklawan ng batas.

Sa ganyang kaso, dapat mong sundin ang lahat ng mga tagubilin na inaatas ng Global Legal Organization at panatilihin ang lahat ng mga talaan na maaaring tumutugon o makabuluhan sa subpoena, litigasyon o imbestigasyon, anuman ang mga inaatas ng Record Retention Program. Hindi ninyo dapat sirain o palitan ang anumang naturang mga talaan, sapagkat ang maling pagsira ng mga talaan ay maaaring magdulot ng seryosong resultang epekto o kaganapan - kasama na ang parusang sibil at/o kriminal at mga kahihinatnan sa iyong trabaho at sa Kumpanya.

Kung may tanong kayo kung ang isang talaan ay ukol sa isang imbestigasyon, litigasyon o isang subpoena, kausapin muna ang Global Legal Organization bago sirain o itapon ang kinauukulang talaan. Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa ["Patakaran sa Programa ng Pamamahala sa Talaan"](#).

TANONG:

Paano ko malalaman kung gaano katagal ko dapat itago ang mga talaan ng Kumpanya at kailan ko maaaring itapon ang mga iyon?

SAGOT:

Sumangguni sa Records Management intranet site ng Kumpanya at sa OurColgate.com > C-P Sites > The Global Legal Organization and Regulatory > Records Management Program o kausapin ang inyong lokal na Records Coordinator (saan man angkop).

HINDI TAYO NAGBIBIGAY NG KONTRIBUSYONG PAMPOLITIKA

Walang mga pondo o ari-arian ng Kumpanya ang maaaring gamitin sa mga kontribusyon sa alinmang partidong politikal o kandidato sa anumang bansa, sa anumang antas ng pamahalaan. Parehong kasama bilang kontribusyon sa politika ang direkta (pera) at hindi perang kontribusyon. Kabilang sa mga hindi perang kontribusyon ang pagbili ng mga tiket para makalipon ng pondo, donasyon ng mga produkto, boluntaryong trabaho ng mga taga-Colgate sa loob ng normal na oras ng negosyo at ang paggamit ng mga pasilidad ng Colgate para sa mga layuning may kaugnayan sa paglipon ng pondo o layuning politikal. Kung may mga tanong kayo tungkol sa isang pinag-iisipang politikal na kontribusyon, mangyaring kausapin ang Global Legal Organization.

Pinagbabawalan ang Kumpanya na bayaran o magbalik ng pera sa sino mang taga-Colgate o indibidwal na may kaugnayan sa Kumpanya (kasama na ang mga taga-labas na lobbyist o iba pang mga ikatlong partido), direkta o hindi direkta, sa anumang anyo, para sa kontribusyong politikal.

Ang isang indibidwal na taga-Colgate ay nananatiling malaya na magbigay ng personal na kontribusyon sa mga kandidato o partido na kanilang napili. Ang personal na kontribusyon ay responsibilidad at dalahin ng indibidwal at hindi kailanman dapat gawin na ang layunin ay tulungan ang Colgate o ang isa sa nagpapatakbong kumpanya nito sa anumang paraan.

Tulad ng karamihan ng mga kumpanyang multinational, ang Colgate ay kasali sa at nagbabayad ng taunang bayarin sa ilang mga asosasyon sa kalakal at industriya. Upang matiyak na ang mga trade association na ito ay hindi gumamit ng anumang bahagi ng mga bayad ng Colgate para sa mga politikal na kontribusyon, nagpapadala ang Chief Ethics and Compliance Officer ng Colgate ng taunang paalala ng patakaran natin sa lahat ng trade association sa U.S. kung saan ang Colgate ay miyembrong nagbabayad at hinihingi na lahat ng trade association na nakakatanggap ng sukdulang halaga ng mga pondo ng Colgate ay lumahok sa taunang proseso ng pagsesertipiko. Para sa karagdagang kaalaman, sumangguni sa ating [Political Contributions Policy](#), na makikita sa seksyon ukol sa "Our Company" ng colgatepalmolive.com.

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA LIPUNAN

Pinagsusumikapan ng Kumpanya na maging isang miyembro ng pandaigdigang komunidad na nakapagbibigay ng kontribusyon.

Sa Colgate, ginagamit natin ang ating pagka-dalubhasa sa kalusugan ng bibig, personal na pag-aalaga, pag-aalaga sa tahanan at nutrisyon ng alagang hayop upang itaguyod ang kalusugan at maayos na pakiramdam sa mga komunidad sa buong mundo, at para suportahan ang mga kawanggawang organisasyon na kapareho ang mga layunin. Mamamayan tayo ng bawat lokalidad kung saan tayo may operasyon at tinutugunan natin ang mahahalagang isyu sa kalusugan kabilang ang kakulangan ng makukuhang malinis na tubig, akses sa pag-aalaga ng bibig at pagkalat ng maiwasang sakit.

SUMASALI TAYO SA LOKAL NA PAGBIBIGAY AT PAGBOBOLUNTARYO

Sa buong mundo, layunin natin na sumali sa mga proyekto upang lalo pang maisulong ang pag-unlad at maitaguyod ang kapakanan ng lokal na komunidad. Kabilang sa mga naturang proyekto ang pagsali sa mga gawaing pangkawang-gawa at paghahanda para sa responsibilidad sa pagtulong sa mahihirap, sa nasaktan/nasugatan at sa mga walang tirahan sa panahon ng pambansang kalamidad. Ang pangunahin nating pokus ay ang mga bata, lalong-lalo na ang edukasyon ng mga bata. Naniniwala ang Colgate na ang pamumuhunan sa mga bata sa ngayon ay may benepisyong maidudulot sa lahat sa hinaharap. Ito ang dahilan kung bakit itinataguyod ng ating Kumpanya ang mga programang pagbasa, pangunguna sa mga inisyatibo, mga kompetisyong pang-palakasan at iba pang aktibidad ng mga kabataan sa buong mundo. Ang mga pagsusumikap na ito ay nagtataguyod ng kabataan sa espiritu ng kompetisyon at pagkamit sa mga hangarin.

Hinihikayat din ng Kumpanya ang mga tao nito na sumali kung mayroon silang sariling panahon sa mga lokal na aktibidad na pangkawang-gawa na sila ang pumili.

Ang ating programang Bright Smile Bright Future ay nagbibigay sa Colgate ng kakayahang makagawa ng makabuluhang epekto sa mga komunidad kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho.

TANONG:

Maaari ba akong magboluntaryo ng oras ko para magtrabaho sa politikal na kampanya?

SAGOT:

Oo. Subalit, mahalaga na ang mga politikal mong aktibidad ay manatiling kahiwalay sa lugar ng trabaho. Hindi gumagawa ang Kumpanya ng mga politikal na kontribusyon at walang nakalaan sa Kumpanya na kagamitan (kabilang ang oras ng trabaho o pangalan ng Kumpanya) na dapat gamitin sa mga personal na aktibidad na ito.

NAKIKIPAGTULUNGAN TAYO SA MGA PAMAHALAAN SA MGA PAKSANG NAKAKA-APEKTO SA ATING NEGOSYO

Ang Kumpanya natin ay nagnenegosyo sa mahigit 200 bansa at mga teritoryo. Patakaran natin na makipagtulungan sa mga pamahalaan sa labas at loob ng bansa. Pana-panahon, maaaring may mga nagaganap na pangyayaring makaka-apekto sa ating mga operasyon. Pagkatapos ng masusing konsiderasyon, ang Kumpanya ay maaaring magbigay ng mga opinyon at rekomendasyon sa mga pamahalaan tungkol sa mga partikular na paksa upang suportahan ang mga layunin at pangangailangan natin sa negosyo. Subalit, hindi ito kailanman kailangang maganap nang hindi muna kinukunsulta ang inyong tagapamahala at ang Global Legal Organization.

TUTOL TAYO SA MGA GAWI SA PAGPAPATRABAHO NA MAPAGSAMANTALA AT HINDI MAKATAO

Tutol ang Colgate sa labag sa batas na pagpapatrabaho sa bata, sa pagsasamantala sa mga tao, at sa lahat ng iba pang uri ng hindi katanggap-tanggap na pagtrato sa mga manggagawa. Gayon din, patakaran ng Colgate na huwag makipagkalakalan sa alinmang tagapagtustos o kontraktor na kilalang gumagamit ng hindi makataong kasanayan sa pagtatrabaho kabilang ang pagsasamantala, parusang pisikal, pang-aabuso, hindi kusang-loob na paglilingkod o iba pang uri ng maling pagtrato. Hindi pinapayagan ng Colgate ang paglabag sa mga ibang batas sa pagtatrabaho at kung ang anumang paglabag ay nalaman ng Kumpanya, maaaring ituring itong batayan ng pagtatapos ng kaugnayan sa negosyo.

IPINAKIKITA NATIN ANG PANININDIGAN NATIN SA PANDAIGDIGANG KARAPATANG-PANTAO

May pangmatagalang paninindigan ang Colgate sa paggalang sa mga karapatang pantao at karapatan sa pagtatrabaho sa buong mundo at sinusuportahan ang United Nations Universal Declaration of Human Rights. Ang Colgate ay isa rin sa mga nangungunang miyembro ng Global Sullivan Principles. Sa ganyang punto, gagawin at pagsusumikapan ng Colgate na makipagkalakalan sa mga katuwang sa negosyo na magsusulong ng mga sumusunod na pamantayan:

- pantay-pantay na oportunidad para sa lahat ng empleyado sa lahat ng antas maging anupaman ang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, pagkatao ng kasarian, bansang pinagmulan, etnisidad, edad, oryentasyong sekswal, kapansanan, kasal o hindi, kalagayan sa pagka-beterano o anumang iba pang katangiang protektado ng batas;
- isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho na nagtataguyod ng mahusay na kalagayan at nag-iingat sa kapaligiran;
- mga suweldo na nagpapahintulot sa mga empleyado na matugunan man lang ang mga pangunahin nilang pangangailangan, at mga oportunidad sa mga empleyado na mapabuti ang kanilang mga kahusayan at kakayahan; at
- paggalang sa naaayon sa batas na kalayaan ng mga empleyadong sa pakikipag-ugnayan at pagkilala sa lahat ng legal na karapatan sa magkakasamang pakikipagtawaran.

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA KAPALIGIRAN

Ang isang mas malinis at mas magandang kapaligiran ay importante sa Colgate hindi lamang dahil sa ito ang tamang gawin, ngunit dahil ito rin ay nararapat lamang sa negosyo. Naninindigan tayong gawin ang ating bahagi para tumulong na mapreserba ang may hangganang kagamitan ng Lupa at mentinahin ang kahusayan ng kalagayan ng ating planeta para sa mga kasunod na henerasyon.

TAYO AY NANININDIGAN SA PAGPAPANATILI NG PAGKA-NASUSUSTENA NG AT SA RESPONSABILIDAD SA LIPUNAN

Sa Colgate, dinadala natin ang kaparehong matalas na pagtuon sa pagpapanatili na ating inilalapat sa bawat aspeto ng ating negosyo. Laging sinusuportahan ng Colgate ang mga prinsipyo ng pagpapanatili, at ating mga pangunahing pinahahalagahan - Mapag-alaga, Pandaigdigang Pagtutulungan at Tuloy-Tuloy na Pagpapabuti - ay gumagabay sa ating mga pagsusumikap sa pagpapanatili. Ang pinagtutuunan natin ay patuloy na nasa Tao, Pagganap at Planeta.

Karagdagan pa rito, naninindigan tayo na makamit ang ating layuning may kaugnayan sa pandaigdigang pagka-nasusustena na matiyak na ang negosyo ng Colgate ay palagian at tuloy-tuloy na lalago at nang may responsibilidad at nakapagdudulot ng pakinabang doon sa mga pinaglilingkuran natin, kasama na ang ating mga empleyado, mga may-ari ng sosyo, ating mga konsyumer, ating mga kostumer, at iba pang stakeholder sa buong mundo, habang isinusulong ang kapakanan ng mga susunod pang henerasyon.

Sa mga nakaraang taon, ang ating paninindigan sa pagpapanatili ng pagka-nasusustena ng at responsibilidad sa lipunan ay nadagdagan dahil ang mga ito ay isinali sa ating mga inisyatibo sa mga operasyon ng ating negosyo. Pinalakas ng mga pinagsama-samang pamamaraang ito ang ating mga inisyatibo na panatilihin ang pagka-nasusustena at responsibilidad sa lipunan, at ang ating pagganap sa trabaho, na tutulong sa ating mag-rekrut at magpanatili ng pinaka-talentadong tao, na magpapabuti sa ating mga relasyon sa ating mga stakeholder, at maghahandog ng mga bagong oportunidad para sa pagbabago. Siguro ang pinakamagandang nangyari ay, ang paninindigang ito ay nakapukaw ng loob at nakatawag-pansin ng mga taga-Colgate sa buong mundo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng Kumpanya sa pagpapanatili at mga inisyatibo, mangyaring sumangguni sa seksiyon ng ["Sustainability: Giving the World Reasons to Smile"](https://www.colgatepalmolive.com/sustainability) sa [colgatepalmolive.com](https://www.colgatepalmolive.com).

BINABANTAYAN NATIN AT PINOPROTEKTAHAN ANG KAPALIGIRAN

Naninindigan ang Kumpanya sa paggawa ng papel natin para tumulong na mailigtas at mapreserba ang mga may hangganang kagamitan ng Lupa. Ang ating mga paninindigan na kaugnay ng planeta ay sumasakop sa ating paggamit sa enerhiya, mga carbon emission, paggamit ng tubig at pagtatapon ng basura. Kung gayon, ang bawat isa sa atin ay dapat mahigpit na sumunod sa mga titik at espirito ng mga naaangkop na batas at regulasyong pang-kapaligiran at sa mga patakarang pampubliko na kanilang kinakatawan.

Tayo ay nagsusulong ng bukas na komunikasyon sa publiko at pananatiliin ng isang aktibo at produktibong pakikipagtuwangan sa mga komunidad kung saan tayo ay may operasyon. Patuloy tayong magbabahagi ng mga impormasyon sa mga konsyumer tungkol sa ating mgaistratehiya at programang pangkapaligiran, at makikipagtulungan sa mga pinuno ng komunidad at iba pang mga tao na may paninindigan din na katulad ng atin.

Ang ating nagtutuloy-tuloy na estratehiya upang mabawasan ang bakas na iniwan natin sa kapaligiran ay mananatiling isang mahalagang bahagi ng paglikha, pagpapakete, pamamahagi at pagbebenta ng ating mga produkto.

Ang mga taga-Colgate ay makakakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga gabay ng Kumpanya sa ["Environmental, Occupational Health and Safety Policy Statement"](https://www.colgate.com/en-us/about-colgate/sustainability), na makikita sa Chapter 18 ng Business Practices Guidelines ng Kumpanya sa [ourcolgate.com](https://www.colgate.com).

ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN NATIN SA MGA MAY-ARI NG SOSYO

Pinagsusumikapan natin ang maglingkod para sa pinaka-ikabubuti ng ating mga may-ari ng sosyo at para tumulong na makapagtatag ng kahalagahan ng may-ari ng sosyo.

IPINATUTUPAD NATIN ANG MABUTING PANGANGASIWA NG KORPORASYON PARA MAPROTEKTAHAN ANG KAHALAGAHAN NG MAY-ARI NG SOSYO

Ang mga patakaran at programa ng pangangasiwa ng korporasyon ng Kumpanya, kung saan ang Koda ng Pag-Aasal na ito ay isang mahalagang bahagi, ay tumatayo bilang isang importanteng tagapagbantay ng may-ari ng sosyo. Kamakailan lamang, maraming pagsusuri at pagbabalanse ang ipinatupad na ng batas ng Kongreso, ng SEC, ng New York Stock Exchange, at ng iba pang mga tagapagsaayos at awtoridad sa buong mundo upang maisulong ang pag-uugali sa korporasyon na sumusunod sa etika na naging pamantayan nang gawi sa Colgate sa loob ng maraming taon. Ang ating mga may-ari ng sosyo ay mahusay na pinaglilingkuran ng isang malayang lupon, na binubuo ng isang sapat na mayorya ng mga independiyenteng direktor at ng mga independiyenteng komite na nangangasiwa sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa pag-aawdit, pagbabayad, at pamumuno. Malinaw na ipinaliwanag ng mga madalas na isapanahon na panloob na dokumento at mga patnubay sa pangangasiwa ang mga tungkulin at responsibilidad ng direktor at ang mga prinsipyo ng Kumpanya sa pangangasiwa ng korporasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng pangangasiwa ng korporasyon ng Kumpanya, mangyaring tingnan ang [“Board Guidelines on Significant Corporate Governance Issues”](#) at ang mga pribilehiyo ng Audit Committee ng Kumpanya, Nominating at Corporate Governance Committee, Personnel at Organization Committee at Finance Committee, na makikita sa [colgatepalmolive.com](#).

TAYO AY NAGPAPANATILI NG MGA MATATATAG NA PROGRAMA SA PAG-AAWDIT PARA MADAGDAGAN ANG TIWALA NG IMBESTOR

Naninindigan ang Kumpanya sa kalidad, integridad at pagiging bukas o kitang-kita ng mga ulat-pinansiyal nito. Ang paninindigang ito ay masasamin sa mga matatagal nang patakaran ng Kumpanya at pamamaraan, kasama na ang isang grupong panloob na awdit na nagmomonitor ng mga pinansiyal na kontrol sa buong mundo, mga independiyenteng tagasuri na may malawakang nasasakupan, at isang independiyenteng Audit Committee na sumusubaybay sa mga larangang ito. Upang maabot ang pinakaganap na pagka-epektibo ng mga naturang napagkukunan o resources, ang mga taga-Colgate ay inaasahang makikilahok sa isang bukas at tapat na komunikasyon at sa isang malayang pagpapalitan ng impormasyon sa mga tagasuring panloob at panlabas at sa Audit Committee.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mahahalagang papel na ginagampanan ng mga panloob na tagasuri ng Kumpanya, mga independiyenteng tagasuri at ng Audit Committee, mangyaring tingnan ang [“Audit Committee Charter”](#), na makikita sa [colgatepalmolive.com](#).

PALAGI NATING IPINAAALAM SA MGA MAY-ARI NG SOSYO ANG TUNGKOL SA PROGRESO NG KUMpanya

Ang bawat may-ari ng sosyo ay iniimbitahang dumalo sa taunang pulong ng Kumpanya kung saan ang progreso ng Kumpanya sa loob nang nakaraang taon ay binabalik-aral at ang mga may-ari ng sosyo ay may pagkakataong magtanong sa nakatataas na pangasiwaan ng Kumpanya. Sa mga buwan sa pagitan, ang mga may hawak ng sosyo ay maaaring bumisita sa website ng Kumpanya, sa [colgatepalmolive.com](#).

ANG ATING PANANAGUTAN PARA SA PAGTUPAD



Hindi sapat ang pagkakaroon ng nakasulat na koda ng pag-aasal - ang pagpapanatili ng mga pamantayan ng asal ay pananagutan ng lahat ng taga-Colgate, at ang ating personal na asal ay dapat sumalamin sa paninindigang ito sa ating mataas na etikal na pamantayan.

ANG KOMUNIKASYON AT PAGSISIWALAT AY MAHALAGA

Sa pagtanggap na ma-empleyo sa Colgate, bawat isa sa atin ay nagkaroon ng pananagutan na sumunod sa mga pamantayang ito ng asal, sa lahat ng mga batas at regulasyon, at sa mga mas detalyado pang panuntunan na nasa Business Practices Guidelines at sa iba pang mga patakaran, pamamaraan at panuntunan na inihanda ng ating Kumpanya at ng mga subsidyariya nito, mga yunit ng operasyon at mga dibisyon. Ang mga manager ay may responsibilidad na ihayag ang mga pamantayang ito doon sa mga katrabaho nila, na tinitiyak na nauunawaan nila ito at susundin nila ito, at lilikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga tao ay malayang makakapagtalakayan ng mga paksang etikal at legal.

MAY MGA PANLOOB TAYONG DULUGAN PARA TULUNGAN KAYO KUNG KAILANGAN NINYO NG GABAY

Hindi masasagot ng Koda ang lahat ng mga katanungan. Dahil diyan, kailangang sa pinakahuli ay umasa tayo sa mahusay na pagpapasiya ng bawat tao tungkol sa kung ano ba ang kailangan upang makasunod sa matataas na pamantayan ng Kumpanya, kabilang na ang kaalaman kung kailan nararapat na humingi ng gabay ukol sa wastong pagkilos. Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa alinman sa nilalamang tinalakay sa Koda o kung nagdududa kayo tungkol sa pinakamahusay na kurso ng pagkilos sa partikular na sitwasyon, mangyaring humingi ng gabay ayon sa nakalarawan sa ibaba.

SAAN AKO PUPUNTA KUNG KAILANGAN KO NG TULONG?



EMPLOYADO



LEGAL

Makipag-ugnayan sa miyembro ng Global Legal Organization sa anumang mga tanong sa pagsunod para kumuha ng payo o tulong sa interpretasyon ng mga batas, regulasyon o mga patakaran ng Kumpanya kabilang ang Koda at Business Practices Guidelines.



GLOBAL ETHICS & COMPLIANCE

Hinihikayat kayong makipag-ugnayan sa Global Ethics & Compliance sa pamamagitan ng EthicsLine para magtanong, kumuha ng gabay kung paano inilalapat ang Koda sa partikular na sitwasyon o para magsalita ("Speak Up") tungkol sa potensiyal na paglabag.



HUMAN RESOURCES

Ang lokal ninyong kinatawan ng Human Resources ay isa pang mahalagang dulugan para sa payo tungkol sa mga etikal na suliranin.



ANG INYONG TAGAPAMAHALA

Kausapin ang inyong tagapamahala o miyembro ng namumunong koponan ng inyong organisasyon upang talakayan ang mga etikal na isinasaalang-alang o mga katanungan. Kung hindi nila kayo matulungan, isasangguni nila kayo sa angkop na dulugan. At kung hindi kayo kumportableng kausapin ang inyong tagapamahala, maaari kayong pumunta sa Human Resources, sa Global Ethics & Compliance.

TANONG:

Bilang tagapamahala, ano ang dapat kong gawin kung ang isa sa mga miyembro ng aking koponan ay magsalita ("Speak Up") at nagpaalam ng isinasaalang-alang?

SAGOT:

Bilang namumuno, inaasahan kayo na hikayatin ninyo ang mga ibang tao na magsalita nang bukas at tapat at ipaalam ang mga isyu, pati ang mga sensitibong bagay. Kapag nagpaalam ng isinasaalang-alang ang isang miyembro ng koponan o humingi sa iyo ng tulong, dapat kayong hindi kumiling, manatiling bukas at tumutugon. Pasalamatan ang miyembro ng koponan sa pagpapamalas sa kanyang paninindigan sa mga etikal na pamantayan ng Kumpanya. Bagaman maaaring hindi kayo handang magbigay sa miyembro ng koponan ng agarang sagot, pagkakataon ito na gamitin ang ilan pang mga dulugan katulad ng Human Resources, ang Global Legal Organization o Global Ethics & Compliance para tulungan kayong mabigyan ang miyembro ng koponan ng angkop na gabay.

NAGSASALITA ("SPEAK UP") TAYO PARA IULAT ANG MGA ISINASAALANG-ALANG SA MGA ANGKOP NA DULUGAN

Kung may alam kayo, o may maganda kayong dahilan upang maghinala, ng isang paglabag sa Koda, sa Business Practices Guidelines o sa iba pang mga patakaran ng Kumpanya, iniaatas sa inyo na agad ninyong iulat ang impormasyon sa inyong manager ng Human Resources, Global Ethics & Compliance o Global Legal Organization. Bilang alternatibo, kailangang huwag kayong mag-atubili na pumunta sa mga nakatatasa na pangasiwaan nang walang takot na kayo ay babalikan o gagantihan.

PAANO AKO MAKAKATIYAK NA WALANG NEGATIBONG PAGKILOS NA GAGAWIN LABAN SA AKIN?

Maaari kayong makipag-ugnayan sa Global Ethics & Compliance Department sa paggamit ng Colgate-Palmolive EthicsLine.

Ang lahat ng impormasyong inilaan sa pamamagitan ng EthicsLine ay nirerepaso at kung kaugnay ito ng Koda, ang usapin ay mabilisan at masusing iniimbistigahan ng Global Ethics & Compliance at/o ng Global Legal Organization. Napakahalaga na ang mga nag-uulat na tao ay hindi magsagawa ng sarili nilang imbestigasyon, sapagkat ang mga imbestigasyon ay maaaring magsangkot ng mga masasalimuot na isyung may kaugnayan sa batas. Sa inyong mag-isang pagkilos ay maaaring mapalagay sa kompromiso ang integridad ng isang imbestigasyon at magdulot ng taliwas na epekto sa inyo at sa Colgate.

Ang mga pag-uulat ay maaaring gawin nang walang pagkakakilanlan kung saan ipinahihintulot ng lokal na batas. Ngunit, hinihikayat namin kayo na sabihin ninyo kung sino kayo kung kayo ay tumatawag upang matulungan kaming mapabilis o mapadali ang imbestigasyon at pagsubaybay. May mga batas sa ibang mga bansa na nagreestrikta sa uri ng impormasyon na maaari ninyong iulat. Kung ang mga batas na ito ay angkop sa inyong sitwasyon, papupuntahin kayo ng isang kinatawan ng Global Ethics and Compliance sa isang tao sa yunit ng inyong negosyo na makakatulong sa inyo sa inyong tanong o alalahanin.

Ngunit tandaan na kung gusto ninyong magpakilala, gagawin ng Kumpanya ang lahat ng hakbang para itago ang pagkakakilanlan ng indibidwal at ang isinumiteng impormasyon ay kumpedensiyal at isisiwalat lamang ang impormasyon sa kinakailangang malaman ("need-to-know") na batayan kapag ang pagsisiwalat ay:

- Kailangan upang makapagsagawa ng isang epektibong imbestigasyon at maisagawa ang isang nararapat na aksyon; o
- Kung hindi man ay kinakailangan base sa naaangkop na batas.

Isang ulat o reklamo ay maaaring maglaman ng personal na impormasyon. Para sa layunin ng pag-iimbestiga ng isang paglabag o pinaghihinalaang paglabag, ito ay maaaring kailanganin, sumailalim sa lokal na batas para ilipat ang personal na data na nakolekta sa isang bansa sa ibang bansa, kasama na ang Estados Unidos. Sa mga ganitong kaso, ang personal na impormasyon ay maaaring gamitin ng mga empleyado ng Kumpanya at ng mga entidad ng Colgate na sumasali sa mga operasyon ng Global Ethics and Compliance Department upang imbestigahan ang ulat, pero sa loob lamang ng naturang panahon na makatuwirang kailangan para sa layuning ito (at pagkatapos, ang naturang personal na impormasyon ay sisirain o itatapon na o pananatilihin lamang kung iaatas ng patakaran ng Kumpanya o ng batas).

ETHICSLINE NG KODA NG PAG-AASAL



ethics@colpal.com



(800) 778-6080
(toll free mula sa U.S.,
Canada at Puerto Rico)
1-(212) 310-2330
(tawag na "collect" mula sa lahat
ng iba pang mga lugar)



Global Ethics & Compliance
Colgate-Palmolive Company
300 Park Ave, 5th Floor
New York, NY 10022



Web Tool



Fax
(212) 310-3745


TANONG:

Narinig ko na ang boses ko ay gumagawa ng kaibahan ngunit kamakailan lamang, matapos na ako'y pumunta sa aking tagapamahala para magsalita ("Speak Up") tungkol sa isang seryosong alalahanin, walang nangyari. Ano ang dapat kong gawin ngayon?

SAGOT:

Lahat tayo ay mananagot sa pagtitiyak na ang Kumpanya natin ay nagpapanatili ng kultura ng integridad at mataas na pamantayang etikal. Kung hindi kayo naniniwala na ang sapat na pagkilos ay nagawa para matugunan ang inyong mga isinasaalang-alang, may ilan kayong mga karagdagang dulugan. Huwag matakot na ipaabot ang usapin at makipag-usap ("Speak Up") sa susunod na antas ng tagapamahala, Human Resources, ang Global Legal Organization o Global Ethics & Compliance. Pinahalagahan ng Kumpanya ang mga pagsusumikap ninyo sa pagsulong sa usaping ito.

ANO ANG MANGYAYARI MATAPOS KONG KAUSAPIN ANG ETHICSLINE?



ANG PAMAMARAAN NG PAG-IMBISTIGA SA COLGATE



MAAARING MAGSAGAWA NG MGA AKSYONG PANG-DISCIPLINA

Ang kumpanya ay may patakaran na “walang pahihintulutan” (o “zero tolerance”) sa anumang asal na lumabag sa Koda o sa Business Practices Guidelines. Nangangahulugan ito na kung ang isang nangyaring paglabag ay naberepika na, ang mga naaangkop na aksyon na katapat ng uri at lawak ng paglabag ay isasagawa. Walang indibidwal o tagapamahala sa Kumpanya ang may awtoridad na gumawa ng kahit anong pag-aasal na hindi ayon sa Koda, o magbigay ng awtorisasyon, direktahan, magpahintulot o magpalagpas ng ganoong uri ng pag-aasal sa iba pang tao. Dahil dito, intensyon ng Kumpanya na maiwasan ang pagkakaroon ng isang asal na hindi sumusunod sa Koda ng Pag-Aasal o sa Business Practices Guidelines at ihinto ang anumang naturang asal na maaaring mangyari sa lalong madaling makatuwirang panahon pagkatapos na ito ay madiskubre. Ang mga taga-Colgate na lumabag sa Koda o sa Business Practices Guidelines ay maaaring sumailalim sa mga aksyong pang-disiplina, na aabot sa at kabilang na ang pagkatanggal sa trabaho, alinsunod sa lokal na batas.

ANGKOP ANG KODA SA LAHAT NG MGA TAGA-COLGATE AT SA MGA GAWAIN NG KUMpanya

Ang pagsunod sa Koda ng Pag-Aasal at sa Business Practices Guidelines ay susubaybayan ng Global Ethics and Compliance Department. Ang Departamento ay nag-uulat sa Chief Executive Officer/Chairman of the Board at sa Chairman ng Audit Committee ng Lupon ng mga Direktor ng Colgate ng tungkol sa pagtatatag, implementasyon at pagpapatupad ng Koda ng Pag-Aasal at mga kaugnay na problema.

Ang impormasyong iniulat sa Global Ethics and Compliance Department o sa pamamagitan ng iba pang pamamaraan ay, ayon sa naaangkop, sasabihin nang kumpidensiyal sa Audit Committee.

Ang Koda na ito ay para sa sino man na nagtatrabaho sa Kumpanya ng Colgate-Palmolive at sa mga subsidyariya nito, at para din sa mga direktor ng Kumpanya at sa mga ahente alinsunod sa naaangkop na batas. Ang mga kopya ng Koda ay makukuha online sa ating panloob na intranet site at pati na sa ating panlabas na website at dapat ilaan sa lahat ng mga ikatlong partidong na awtorisadong kumilos sa ngalan ng Kumpanya. Ang mga taga-Colgate sa buong mundo ay kailangang magpakita ng kanilang paninindigan sa pagsunod at sa mga pamantayang etikal ng Kumpanya sa pamamagitan ng pagsali sa pagsasanay at sertipikasyon sa Koda ng Pag-Aasal nang taon-taon.



300 Park Avenue
New York, NY 10022
212-310-2000
www.colgatepalmolive.com